フィリピノ語版

# Teksto Para sa mga Dayuhang Mag-aaral
# (Kasaysayan ng Bansang Hapon)

外国人生徒のための学習資料（歴史 −日本−）

**Sanggunian ng Edukasyon ng Perepaktura ng Hyogo**

**Sentro ng mga Kabataan na Mula sa Iba’t Ibang Kultura**

# Talaan ng Nilalaman


**Tungkol sa Simula at Katapusan ng Bawat Panahon** ........ **1**

**Ano ang Siglo?** ........ **3**

**(1) Panahon ng Kyu-sekki** ........ **4**

**(2) Panahon ng Jomon** ........ **5**

**(3) Panahon ng Yayoi** ........ **7**

**(4) Panahon ng Kofun** ........ **9**

**(5) Panahon ng Asuka** ........ **11**

**(6) Panahon ng Nara** ........ **14**

**(7) Panahon ng Heian** ........ **16**

**(8) Panahon ng Kamakura** ........ **19**

**(9) Panahon ng Muromachi** ........ **22**

**(10) Panahon ng Azuchi-Momoyama** ........ **25**

**(11) Panahon ng Edo** ........ **27**

**(12) Panahon ng Meiji** ........ **32**

**(13) Panahon ng Taisho** ........ **37**

**(14) Panahon ng Showa** ........ **40**

**(15) Panahon ng Heisei** ........ **47**

# Tungkol sa Simula at Katapusan ng Bawat Panahon

Sinasabing ang kasaysayan ng bansang Hapon ay may habang dalawang libong taon na. Patuloy pa itong sumusulong, at minsan ay may mga malalaki pa ngang pagbabago. Ang paksang ito ay tungkol sa simula at katapusan ng bawat panahon sa kasaysayan ng bansang Hapon.

| Klasipikasyon | Panahon | Taon (Pangyayari) |
|---|---|---|
| *Kodai* (Sinaunang kasaysayan) | Panahon ng *kyu-sekki* | ～Noong ika-10,000 taon |
| | Panahon ng *Jomon* | Noong 10,000 taon ～ Ika-4 siglo B.C. |
| | Panahon ng Yayoi | Ika-4 siglo B.C. ～Bandang katapusan ng ika-3 siglo |
| | Panahon ng Kofun | Bandang katapusan ng ika-3 siglo～ |
| | Panahon ng Asuka | Ika-6 siglo～ |
| | Panahon ng Nara | 710 Nilipat ang kapital sa *Heijo-kyo* (*Nara*). |
| | Panahon ng Heian | 794 Nilipat ang kapital sa *Heian-kyo* （*Kyoto*). |
| *Chusei* (Kalagitnaang Panahon) | Panahon ng Kamakura | 1192 Itinatag ang *Kamakura Bakufu.* |
| | Panahon ng Muromachi | 1338 Itinatag ang *Muromachi Bakufu.* |
| | Panahon ng Azuchi-Momoyama | 1573 Bumagsak ang *Kamakura Bakufu.* |
| *Kinsei* (Makabagong Panahon) | Panahon ng Edo | 1603 Itinatag ang *Edo Bakufu.* |
| *Kin-gendai* (Modern at contemporary) | Panahon ng Meiji | 1868 Binago ang pangalan ng panahon (*Nengo*) sa *"Meiji"*. |
| | Panahon ng Taisho | 1912 Binago ang pangalan ng panahon (*Nengo*) sa *"Taisho"*. |
| | Panahon ng Showa | 1926 Binago ang pangalan ng panahon (*Nengo*) sa *"Showa"*. |
| | Panahon ng Heisei | 1989 Binago ang pangalan ng panahon (*Nengo*) sa *"Heisei"*. |

●Sa kasaysayan ng bansang Hapon, ang Panahon ng *Jomon* ay kasunod ng Panahon ng *Kyu-Sekki*.
●Walang mahalagang pangyayari sa pagitan ng Panahon ng *Kofun* at Panahon ng *Asuka*.
●Mula noong 1333 kung kailan bumagsak ang *Kamakura Bakufu* hanggang noong 1573 kung kailan bumagsak naman ang *Muromachi Bakufu*, may marami pang klasipikasyon ng panahon na nakapaloob kung susuriin pa ito. May mga nagkasabay pa nga sa ilang pagkakataon. Ang sumusunod ay ang mga detalye tungkol dito.

| Taon | Pangyayari | Klasipikasyon ng Panahon at mga detalye tungkol dito |
|---|---|---|
| 1333 | Bumagsak ang *Kamakura Bakufu.*<br>(Umpisa ng *Kenmu no shinsei*) | *Kenmu no shinsei* |
| 1336 | Nilagay ni *Ashikaga Takauji* ang Emperador sa *Hokucho.* | Panahon ng *Nam-boku-cho* |
| 1338 | Naging *Seii-tai-shogun* si *Ashikaga Takauji.* | Panahon ng *Muromachi* |
| 1392 | Naging isa ang Timog at Hilagang Imperial Court. | |
| 1467 | Nagsimula ang *Onin no Ran.* | Panahon ng *Sengoku* |
| 1573 | Bumagsak ang *Muromachi Bakufu.*<br>(Nagwakas ang Panahon ng *Muromachi*) | |
| | | Panahon ng *Azuchi-Momoyama* |

## Ano ang Siglo?

Ang salitang siglo ay ginagamit upang maihayag ang isang partikular na panahon sa kasaysayan.

1. Ang siglo ay isang panahong (*seireki*) binubuo ng isang daang taon at tinatawag ring *hyakunen-ki* (dantaon). Halimbawa, ang ika-21 siglo ay isang daang taon mula 2001 hanggang 2100.

Sa pagkalkula ng siglo, gawin lang 4-digit (apat na numero) ang isang taon.

[Halimbawa] *Seireki* 57 ➔ 0057, *Seireki* 239 ➔ 0239

Pagkatapos gawing 4-digit ang taon, dagdagan ng 1 ang unang dalawang numero sa 4-digit. Ito na ang siglo. Subalit, may exception. Kung 00 ang huling dalawang numero sa 4-digit, huwag nang dagdagan ng 1.

[Halimbawa. 1] 0057 ➔ [00+1] ➔ Ika-1 siglo, 0239 ➔ [02+1] ➔ Ika-3 siglo
[Halimbawa. 2] 0700 ➔ [07+0] ➔ Ika-7 siglo, 2000 ➔ [20+0] ➔ Ika-20 siglo

2. Before Christ (B.C.) at Anno Domini (A.D.)

Ang kalendaryo na ginagamit natin ay nagtatakda ng umpisa (unang taon) base sa kung kailan sinasabing ipinanganak si Jesus Christ. Ginagamit ang B.C. kung tumutukoy sa pangyayari bago nito.

## (1) Panahon ng *Kyu-sekki*, Lumang gamit ng bato (～B.C. 10,000)

| Paksa | Paraan ng Pamumuhay | Sanggunian |
|---|---|---|
| Kagamitan | Paggamit ng hinubog na bato | Paggamit ng hinubog na bato  |
| Pamumuhay | Panghuhuli ng mga hayop, pangingisda, pag-iimpok ng mga bunga ng puno at ng mga kabibe | |
| Tirahan | Simpleng tahanan o pagtira sa ilalim ng malaking bato | |


**Gamit na hinubog na bato**

Gamit na bato na hinubog. Hindi hinasa ang balat nito.

### Buod

1. Namuhay sila sa pamamaraang panghuhuli ng mga hayop o isda at pag-iimpok ng mga bunga ng puno at ng mga kabibe.

2. Pangunahing kagamitan nila ay ang hinubog na bato.



## (2) Panahon ng *Jomon* (B.C. 10,000〜B.C. Ika-4 Siglo)

| Paksa | Paraan ng pamumuhay | Kultura at Sanggunian |
|---|---|---|
| Kagamitan | Hinasang bato<br>Palayok sa panahon ng *Jomon*<br>*Dogu* (Manikang Clay) | ＝Kulturang *Jomon*＝<br><br>*Kaizuka* (Tapunan ng mga kabibe) |
| Pamumuhay | Panghuhuli ng mga hayop, pangingisda, pag-iimpok ng mga bunga ng puno at ng mga kabibe | |
| Tirahan | Tumira sa bahay na nakahukay at nagkaroon ng Nayon. | *Sannai-maruyama* Site (*Aomori* prefecture) |

Kagamitang hinasang bato



Kagamitang hinasa at pinakinis na bato.

Palayok sa panahon ng *Jomon*




May disenyo sa panlabas na parang mga tali.

*Dogu* (Manikang clay)



Ito ay ginamit pampawaksi ng masasamang kaluluwa at sa paghingi ng magandang ani.

*Kaizuka* (Tapunan ng mga kabibe)



Ito ang tapunan ng basura sa paligid ng bayan kasama ng mga kabibe, buto ng hayop at isda, at mga kagamitan tulad ng nasirang gamit na gawa sa bato at palayok.

Bahay na Nakahukay



Bahay na nakahukay at nilagyan ng mga bubong.

**Buod**

1. Pangunahing kagamitan nila ay ang hinasang bato at ang palayok sa panahon ng *Jomon*.

2. Ginawa ang manika mula sa clay.

3. Nagkaroon ng bahay na nakahukay at tapunan ng mga kabibe.

## (3) Panahon ng *Yayoi* (B.C. Ika-4 Siglo～bandang huli ng Ika-3 Siglo)

| Paksa | Paraan ng pamumuhay | Kultura at Sanggunian |
|---|---|---|
| Kagamitan | Terakotang *Yayoi* Metal na lalagyan Tansong tabak, Tansong sibat, Tansong salamin, Tansong batingaw | ＝Kulturang *Yayoi*＝ |
| Pamumuhay | Pagtatanim ng palay Mataas na bodega (o Bodegang Nakaangat sa Lupa) Batong kutsilyo | |
| Tirahan | Tumira sa bahay na nakahukay at nagkaroon ng Nayon. Nagkaroon ng Bansa na siyang namahala sa mga Nayon. | *Yoshino-gari* Site（*Saga* Prefecture） |

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Sanggunian |
|---|---|---|
| Noong mga B.C. o A.D. | Hinati-hati ang bansang Hapon sa mga humigit-kumulang 100 na mga maliliit na bansa. | |
| 57 | Nagpadala ang hari ng *Nakoku* (sa Hapon) ng mga mensahero papuntang Tsina at nabigyan siya ng Gintong Pantatak (o Selyong Gawa sa Ginto) mula sa emperador. | Gintong Pantatak ng *Kan no wa no na no kokuo* |
| **239** | **Nagpadala si *Himiko* ng mga mensahero sa Wei (Tsina).** | |

### Terakotang *Yayoi*



Kumpara sa terakotang *Jomon*, ang terakotang ito ay manipis at matigas. Ang pangalan nitong *Yayoi* ay hango sa pangalan ng lugar kung saan ito'y unang nadiskubre.

### Metal na lalagyan

Lalagyang gawa sa tanso o bakal. Ipinakilala ito galing sa kontinente.

### Tansong batingaw



Tansong hinugis sa batingaw.

**Mataas na bodega (o Bodegang nakaangat sa lupa)**



Para maitago ang palay na inani, itinayo ang mga matataas na haligi at nilagyan ng sahig ang ibabaw ng mga ito.

***Yoshino-gari* Site**



Isang nakaulagian o tradisyonal na site (o tanawin) sa panahon ng *Yayoi*. Nasa *Saga* Prefecture ito.

**Gintong pantatak ng *Kan-no-wa-no-na-no-kokuo***



Sa kalagitnaan ng unang siglo, nagpapunta ang *Wa-no-na-no-kokuo* (Hari ng *Nanokuni*) ng mga mensahero sa Han (Tsina) at binigyan sila ng gintong pantatak.

***Yamataikoku* at *Himiko***

Sa isang parte ng librong "*Gishi wajin den*" tungkol sa kasaysayan ng Wei (Tsina), nakasulat na may bansang *Yamataikoku* sa islang Hapon noong mga ika-3 siglo at si Reyna *Himiko* ay namamahala sa pamamagitan ng panghuhula. Siya ay nagpapunta ng mga mensahero sa Wei at binigyan ng maraming regalo mula sa emperador.

## Buod

1. Laganap ang pagtatanim ng palay.

◇Ginamit ang terakotang *Yayoi* at batong kutsilyo (para sa pagkuha o pag-ani ng palay).

◇Nagkaroon ng matataas na bodega (o bodegang nakaangat sa lupa).

2. Ipinakilala ang mga lalagyang gawa sa metal.

◇Ginamit ang tansong batingaw bilang kagamitan sa piyesta.

3. Nagkaroon ng mga nayon at tagapamahala.


◇Sa loob ng mga nayon, nagkaroon ng dibisyon sa pagitan ng mayaman at mahirap, at may diskriminasyon pa.

4. Nagkaroon ng maraming maliliit na bansa.

◇Binigyan ng gintong pantatak ang Hari ng *Na-no-kuni* mula sa Han (Tsina).

5. Nakipag-ugnayan si Reyna *Himiko* ng *Yamataikoku* sa Wei (Tsina).

## (4) Panahon ng *Kofun* (Bandang huli ng ika-3 Siglo～mga 600)

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| Mga 350 | Naging isa at tinawag na bansang Hapon ang dati'y iba't ibang bansang nakapaloob sa *Yamato*. (Pamahalaang *Yamato*)<br>Sa mga panahong ito, dumating ang "*Torai-jin*" (Mga tao galing sa Korea). | ＝Kulturang *Kofun*＝<br>Uri ng *Kofun*<br><br>*Daisen Kofun* (*Osaka* prefecture)<br><br>*Haniwa*<br> |
| 391 | Pumunta ang mga sundalong Hapon sa Korea. Nanalo sa *Kudara* (Paekche) at *Shiragi* (Shilla), at nagkalaban din sa *Kokuri* (Goguryeo). | |
| 478 | Nagpapunta ng mga mensahero sa Tsina ang *Wao no bu* (Si *Bu* na hari ng bansang *Wa*). | |

### *Yamato Seiken* (Pamahalaang *Yamato* )

Nagkaroon ng isang malakas at matibay na Coalition Government na naka-base sa *Nara basin*. Ang pamahalaan ay itinatag ng hari at ng mga *Gozoku* (makapangyarihan at tanyag na angkan) sa rehiyon ng *Kinki*. *Ookimi* ang tawag sa hari ng Pamahalaang *Yamato*.

### *Zempo-koen-fun* (Parisukat at bilog na *Kofun*)

Noong patapos na ang panahon ng *Yayoi*, nagsimula ang paggawa ng mga malalaking libingan para sa mga pinuno sa bawat purok. Ang mga libingang ito ay tinawag na *Kofun* kung saan may hugis bilog, parisukat at butas ng susi. Tinatawag na *Zempo-koen-fun* ang libingang hugis butas ng susi.

### *Haniwa*

Nilagay sa gilid ng *Kofun* ang mga *Haniwa* na hugis tao, kabayo, bahay at iba pa.

### *Torai-jin* (Mga tao galing sa Korea)

Ang *Torai-jin* ay ang mga taong lumipat sa bansang Hapon kasama ang buong pamilya mula sa Korea peninsula. Ipinakilala nila ang mga gamit para sa pagsasaka na yari sa bakal, *Sueki* (matigas na lalagyan), at iba pang kultura at teknolohiya ng kontinente. Kasama pa rin ang *Kanji*.

**Buod**

1. Ginawa ang mga malalaking libingan (*Kofun*) para sa mga pinuno sa bawat purok.

◇Nilagay ang Haniwa sa gilid ng *Kofun*. Ito ay may hugis tao, kabayo, bahay at iba pa.

◇Ang *Daisen Kofun* ay ang pinakamalaking *Zempo-koen-fun* (parisukat at bilog na *Kofun)* sa buong mundo.

2. Nagkaroon ng Pamahalaang *Yamato* sa rehiyon ng *Nara*.


3.*Okimi* ang tawag sa Hari ng Pamahalaang *Yamato*.

4. Naging masigla ang pakikipag-ugnayan sa Korea at dumating ang maraming *Torai-jin* sa bansang Hapon.

5. Pinakilala ng *Torai-jin* ang kultura at teknolohiya ng kontinente sa bansang Hapon.

# (5) Panahon ng *Asuka* (Mga 600 ～710)

*Legend…**Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **593** | **Naging *Sessho* si *Shotoku-Taishi*.** | ＝Kulturang *Asuka*＝<br>*Horyu-ji* (*Nara* prefecture): Pinakalumang gusaling gawa sa kahoy sa buong mundo<br><br>*Shakasanzonzo* (sa *Horyu-ji*)<br><br>*Tamamushi no zushi* (sa *Horyu-ji*)<br><br>*Mirokubosatsu* (sa *Koryu-ji*)<br><br>*Mirokubosatsu* (sa *Chugu-ji*)<br> |
| 603 | Nagtakda si *Shotoku-Taishi* ng sistema ng *Kan-i junikai* (labindalawang ranggo o opisyal na katayuan na malalaman sa pamamagitan ng iba't ibang kulay ng sombrero). | |
| 604 | Nagtakda si *Shotoku-Taishi* ng Konstitusyong may Labimpitong (17) artikulo.<br><br>*Shotoku-Taishi* | |
| 607 | Pinapunta si *Ononoimoko* sa *Zui* (Sui). | |
| 630 | Pinapunta ang unang *Kento-shi*. | |
| **645** | **Nag-umpisa ang Pagbabago ng *Taika*.** | |
| 672 | Nangyari ang Gulo ng *Jinshin*. | |
| **701** | **Naitakda ang Batas ng *Taihou* (*Taihou Ritsuryo*).**<br>Naitakda ang Batas ng Pagbabahagi ng Taniman (*Handen shuju no ho*). | |

### Sessho

Inilagay ang *Sessho* sa panahong ang emperador ay isang babae o bata pa, at ito ang namuno sa ngalan ng nakaupong emperador.

### Sistema ng *Kan-i junikai* (12 Katayuan ayon sa Kulay ng Sombrero)

Kahit saang angkan man nagmula, maaaring maging opisyal basta't may pambihirang galing.

### Konstitusyon na may Labimpitong Artikulo

Itinuro ang mga dapat sundin ng mga opisyal gaya ng pagtalima sa utos ng emperador.

### *Kenzui-shi* (Pagpapunta ng tauhan sa *Zui*)

Pinapunta sina *Ononoimoko* sa *Zui* (Sui) para malaman ang progresibong sistema at kultura.

### *Kento-shi* (Pagpapunta ng tauhan sa *To)*

Pinapunta ang mga opisyal para malaman ang sistema at kultura ng *To* (Tang).

### Kulturang *Asuka*

Naipakilala ang Buddhismo noong kalagitnaan ng ika-6 na siglo mula sa *Kudara* (Paekche), at si *Shotoku-taishi* at ang pamilyang *Soga* ay nagpalaganap ng Buddhismo. Naging laganap ang kultura batay sa Buddhismo lalo na sa pook na *Asuka* na siya ring kabisera.

### Templong *Horyu-ji*

Ito ang templong itinayo ni *Shotoku-Taishi* sa *Nara* prefecture at isang gusaling kumakatawan ng Panahon ng *Asuka*. Noong 1993, narehistro ito bilang World Heritage. Ito na lamang ang natirirang pinakalumang gusaling gawa sa kahoy hanggang ngayon sa buong mundo.

### *Shaka-sanzon-zo* (sa Templong *Horyu-ji*)

Isang istatuwa ng Buda sa Templong *Horyu-ji* na kumakatawan sa Panahon ng *Asuka*. Ginawa ito ng mga sumunod na henerasyon ng *Torai-jin* na nanggaling sa Korea Peninsula.

### *Taika no Kaishin* (Pagbabago ng *Taika* )

Kasama si *Nakatomi-no-kamatari* (na nakilala kalaunan bilang si *Fujiwara-no-kamatari*), pinabagsak ni *Nakano-oeno-oji* ang pamilyang *Soga* at nagsimula siyang gumawa ng makabagong sistemang pampulitika. Hinawakan niya nang direkta ang mga lupain at mamamayang hanggang sa panahong iyon ay kontrolado ng mga *Gozoku* (o mga makapangyarihang pamilya) upang ang mga ito'y maging pampublikong lupain at mamamayan, o kontrolado ng estado.

### Gulo ng *Jinshin*

Nang mamatay si Emperador *Tenji*, naganap ang labanan para sa kung sino ang magiging hari. Naging bagong emperador si *Temmu* na nanalo sa labanan.

*Taiho Ritsuryo* (Batas ng *Taiho*)

Ginawa ang sistema upang maging maigi ang pamamahala sa buong bansa, gaya ng batas sa *To* (Tang). Ang bansang batay sa batas ang pamamahala ay tinatawag na *Ritsuryo Kokka* (Bansa ng Batas).

*Kochi Komin* (Pampublikong Lupain at Mamamayan)

Upang maisailalim sa iisang gobiyerno ang lahat ng lupain at mamamayan, inalis ang sistemang pribadong lupain at mamamayan.

*Handen syuju ho* (Batas ng Pagbabahagi ng Taniman)

Binigyan ng *Kubunden* (=lupa) ang lahat na nakarehistro sa Talaan ng Pamilya (*Koseki*) na may edad anim na taong gulang o pataas, pero dapat isauli ito kapag sila'y namatay na. Nagbayad ang mga mamamayan ng mga buwis na tinatawag na *So* (Bigas), *Cho* (sutla, sinulid, seda, mga tanging produkto sa purok), at *Yo* (tera).

**Buod**

1. Si *Shotoku-taishi* ay naging *Sessho* ni Emperadora *Suiko* at nilagay niya ang emperadora sa sentro habang namamahala siya. Ang ginawa ni *Shotoku-taishi* ay,

◇Nagtakda ng sistema ng 12 ranggo o opisyal na katayuan (*Kan-i junikai*) na malalaman ayon sa kulay ng sombrero at Konstitusyong may Labimpitong (17) Artikulo.

◇Pinapunta ang mga tao (Kenzui-shi) sa *Zui* (Sui) para malaman ang kultura doon.

2. Pinabagsak nina *Nakano-oeno-oji* at *Nakatomi-no-kamatari* ang pamilyang *Soga* at isinagawa ang Pagbabago ng *Taika* (*Taika no kaishin*). Nagsimulang baguhin ang pulitika kung saan nasa emperador ang kapangyarihan at itinatag ng sistemang *Kochi-Komin* (Pampublikong Lupain at Mamamayan).

3. Pagkatapos mamatay ni Emperador *Tenji*, naganap ang Gulo ng *Jinshin* kung saan may paglalaban sa pagkahari o kung sino ang magiging susunod na emperador.

4. Ginawa ang Batas ng *Taiho* (*Taiho Ritsuryo*) na ayon sa batas sa *To* (Tang).

◇Naitakda ang *Kochi Komin* at binigyan ng taniman (*Kubunden*) ang mga mamamayan batay sa Batas ng Pagbabahagi ng Taniman (*Handen shuju no ho*).

◇Nagbayad ng buwis (*So, Cho, Yo*) ang mga mamamayan sa bansa.

Pinilit sa pagsusundalo ang mga lalaking nasa tamang edad. May mga pinapunta sa bandang hilaga ng *Kyushu* bilang *Sakimori* (tagabantay laban sa ibang bansa).

5. Lumago ang Kulturang *Asuka* na siyang kauna-unahang kulturang Buddhismo at kultura mula sa rehiyon ng *Asuka*.

## (6) Panahon ng *Nara* (710～794)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian | |
|---|---|---|---|
| **710** | **Tinayo ang Kabiserang *Heijyo-kyo sa Nara.*** | ＝Kulturang *Tempyo*＝ | |
| 741 | Initayo ang mga templo ng *Kokubun-ji* at *Kokubunni-ji* sa bawat bansa. | "*Kojiki*", "*Nihon shoki*" (Lyenda, Tradisyon at Ulat)<br>"*Fudo-ki*" (Kalikasan, Produkto, Alamat)<br>"*Manyo-shu*" (Tula sa wikang Hapon) | Templong *Toshodai-ji* (*Nara* prefecture)<br><br>*Shoso-in* (bodega ng mga kayamanan (*Nara* prefecture) |
| **743** | **Ipinahayag ang batas ng *Konden einen shizai ho.*** | | |
| 752 | Natapos ang konstruksyon ng *Daibutsu* (Dakilang Buddha) ng Templong *Todai-ji*. | *Daibutsu* ng Templong *Toshodai-ji*<br> |  |
| 754 | Dumating si *Ganjin* (isang monghe ng *To* (Tang)) sa bansang Hapon at nagtayo ng templong *Toshodai-ji*.<br> | | Templong *Toshodai-ji* (*Nara* prefecture)<br> |

### *Konden einen shizai ho*

Dahil naging kulang ang *Kubunden* (pinaghati-hating lupang sakahan), pinayagan ang mga tao na magkaroon ng sariling lupa panghabambuhay kung gagamitin ito nang husto. Kaya't ang mga noble, templo o opisiyal ng bansa ay gumamit ng mga magsasaka upang linangin ang lupa. At napalawak nga nila ang kani-kanilang sariling lupa.

### Kulturang Tempyo

Malaking impluwensya ang Buddhismo at *To* (Tang) sa kulturang ito, at yumabong ito sa kapanahunan ni Emperador *Shomu*. Sinubukang ipagtanggol ni Emperador *Shomu* ang bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Buddhismo at itinayo niya ang mga templong *Kokubun-ji* sa bawat bansa. Sa kabisera (*Nara*) ay tinayo naman ang templong *Todai-ji*.

### *Shoso-in (Nara; Todai-ji)*

Nilagay dito sa *Shoso-in* ang mga gamit na dala ng mga taong *Ken-to-shi*. (Larawan ng mga kayamanang inilagay sa *Shoso-in*)




### *Gan-jin*

Bumisita si Ganjin mula sa *To* (Tang) sa bansang Hapon, nagtayo ng templong *Toshodai-ji* at pinalawak ang Buddhismo.

### **Buod**

1. Tinayo ang kabiserang *Heijyo-kyo* na pinagtularan ng kabiserang *Cho-an* (Changan) sa *To* (Tang). Ginawa ang salaping *Wado-kaichin* at ginamit ito sa mga palengke.

2. Bumagsak ang sistema ng *Kochi-Komin* (naging kontrolado ng gobiyerno ang mga kalupaan at lahat ng tao).

◇Dahil naging kulang ang *Kubunden*, pinayagan ang mga tao na magkaroon ng sariling lupa panghabambuhay kung gagamiting ito nang husto. (*Konden einen shizai ho*)

◇Dumami ang mga pribadong lupa.

3. Si Emperador *Shomu* ay gumawa ng mga templo ng *Kokubun-ji* at *Kokubun-niji* sa bawat lugar upang ipagtanggol ang bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Buddhismo, kaya naging tanyag na ang Buddhismo.

## (7) Panahon ng *Heian* (794～1192)

*Legend…**Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **794** | **Nilipat ang kabisera sa *Heian-kyo* (Kyoto).** | |
| 894 | Tumigil ang pagpadala ng *Kento-shi*. | ＝Kulturang *Kokufu*＝ |
| 935 | Naganap ang kaguluhang ni *Taira no Masakado*. | Titik ng *Kana*<br>(wikang Hapon)<br>"*Genji monogatari*"<br>[*Murasaki Shikibu*]<br>"*Makurano soshi*"<br>[*Seisyonagon*]<br>"*Kokin waka syu*"<br>[*Kino Tsurayuki*]<br><br>*Genji monogatari emaki*<br>(Picture scroll sa kuwento ng *Genji*)<br> |
| 1016 | Naging *Sessho* (pansamantalang pinuno) si *Fujiwara no Michinaga* at yumabong ang Pamilyang *Fujiwara*. | *Chuson-ji Konjiki-do*<br>(*Iwate* Prefecture)<br><br><br>Templong *Byodo-in-Ho-o-do*<br>(*Kyoto* Prefecture)<br> |
| 1086 | Nagsimula si *Joko Shirakawa* ng *Insei* (sistema ng cloistered rule). | Buddhismo sa panahong ng *Heian*<br>・*Tendai-shu* [*Saicho*]<br>(*Hiei-zan*, templong *Enryaku-ji* )<br>・*Shingon-shu* [*Kukai*]<br>(*Koya-san*, templong *Kongobu-ji*)<br>*Jodo-Shinko* (Paniniwalang *Jodo* o pure land Buddhism) |
| 1156 | Naganap ang kaguluhang *Hogen*. | |
| 1159 | Naganap ang kaguluhang *Heiji*. | |
| 1167 | Naging *Daijo-daijin* si *Taira no Kiyomori*. | |
| 1185 | Pinabagsak ng Pamilyang *Genji* ang Pamilyang *Heishi*. | |

## Pagpapatigil ng *Kento-shi*

Dahil naging magulo na ang pulitika sa *To* (Tang) at naging mapanganib ang paglalakbay-dagat, pinatigil ang *Kento-shi* (pagpadala ng mga misyon sa Tsina). Dahil dito, yumabong ang Kulturang *Kokufu*.

## Paglitaw ng *Bushi (Samurai)*

Ang mga mahuhusay sa *martial arts* kagaya ng sa *Yumiya* (paggamit ng pana) o *Kiba* (pagsakay at pagdala ng kabayo) ay nagsilbi sa *Chotei* (Imperial Court) at sa mga gobernador ng mga lalawigan bilang mga taga-bantay at eskort. Tinawag silang *Bushi*. Naganap ang mga giyerang *Taira-no-Masakado* at *Fujiwara-no-Sumitomo*. Subalit, napatigil ito ng mga *Bushi* kaya't kinilala ang kapangyarihan ng mga *Bushi*. Sa lahat ng mga *Bushi*, higit na malakas ang sa mga Pamilyang *Genji* at Pamilyang *Heishi*.

## *Sekkan-seiji* (Pamahalaang Regency)

Pinalawak ng Pamilyang *Fujiwara* ang kanilang kapangyarihan sa pulitika sa pamamagitan ng pagpapa-asawa sa kanilang mga anak na babae sa emperador. Ang naging anak nila ay naging emperador din. Tinawag na *Sessho* ang Pamilyang *Fujiwara* kapag bata pa ang mga ito, at *Kampaku* naman sila kapag nasa tamang edad na. Nagkaroon sila ng maraming *Shoen* (asyenda o pribadong lupa). Pinakamasigla ang *Sekkan-seiji* sa panahon ni *Fujiwara no Michinaga* at ng kanyang anak na si *Yorimichi*.

## *Insei* (Sistema ng cloistered rule)

Ito ay isang bagong sistemang pampulitika kung saan nagsimula si Emprador *Shirakawa*. Matapos maging *Joko* (Cloistered emperor o Mapag-isang Emperador) ng emperor, hinawakan niya ang Pamilyang *Sekkan* (*Sessyo* at *Kanpaku*) at ipinagpatuloy ang pamamahala.

## Pulitika ng Pamilyang *Heishi*

Sa pakikipaglaban sa *Chotei* ukol sa tunay na kapangyarihang pampulitika, naglabanan ang Pamilyang *Genji* at Pamilyang *Heishi*, at nanalo si *Taira no Kiyomori* ng Pamilyang *Genji* at lumaki ang kaniyang kapangyarihan. Si *Taira no Kiyomori* ang naging kauna-unahang *Daijo-daijin* (Pinakapunong Ministro ng Estado) bilang *Bushi*. Inayos niya ang mga pantalan o daungang-dagat sa *Hyogo* (*Kobe* City) para sa kalakalan sa *So* (Sung).

## *So* (Sung) at *Koryo (Korai)*

Bumagsak ang *To* (Tang) sa Tsina sa unang bahagi ng ika-10 siglo. Ang *So* (Sung) ang nagpa-isa sa buong Tsina. Sa Korean Peninsula naman, naitatag ang *Korai* (Goryeo) na siyang nagpabagsak sa *Shiragi* (Silla).

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tsina | *To* (Tang) | ⇒ | *So* (Sung) |
| Korea | *Shiragi* (Silla) | ⇒ | *Korai* (Goryeo) |

## *Jodo-Shinko* (Paniniwalang *Jodo* o pure land Buddhism)

Nagkaroon ng kaguluhan sa lipunan sa bawat lugar mula sa kalagitnaan ng ika-10 siglo. Sa pagbanggit ng mga mamamayan sa pangalan ng Buddha, sumasamo sila sa Buddhang *Amida-butsu* at inaasahang muling mabuhay sa paraiso matapos mamatay. Sa bawat lugar, tinayo ang *Amida-do*. Ang templong *Byodo-in-Ho-o-do* ay isa sa mga *Amida-do*.

**Buod**

1. Inilipat ni Emperador *Kammu* ang kabisera sa Kyoto. Madalas siyang nagpapadala ng mga hukbo laban sa *Emishi* sa pook ng *Tohoku* at lalong pinalawak ang kanyang kapangyarihan.

2. Lumitaw ang mga bagong Buddhismo tulad ng *Tendai-shu* [si *Saicho* ang misyonero] o *Shingon-shu* [si *Kukai* ang misyonero].

3. Ang pamilyang *Fujiwara* ay naging *Sessho* at *Kanpaku*, at humawak ng totoong kapangyarihan. Naging golden age o mahalagang kapanahunan ang *Sekkan Seiji* (Pamahalaang Regency) sa ilalim ng panahon ng mag-amang *Fujiwara-no-Michinaga* at *Yorimichi*. Naging uso ang *Jodo-Shinko* (Paniniwalang *Jodo* o pure land Buddhism) sa panahong ito, at tinayo ang Templong *Byodo-in-Ho-o-do*. Naging magulo ang pulitika sa probinsya dahil dumami ang *Kokushi* (opisyal) na sariling kita lamang ang iniisip.

4. Nagsimula ang sistemang *Insei* kung saan nagpatuloy sa pamamahala ang emperador kahit nagbagong puwesto na.

5. Humawak ng malaking kapangyarihan sa pulitika ang pamilyang *Heishi* nang manalo sa mga kaguluhan ng *Hogen* at kaguluhan ng *Heiji*. Si *Taira-no-Kiyomori* ang kumatawan sa pamilya, na naging *Daijo-daijin* (Pinakapunong Ministro ng Estado) rin. Ngunit matapos mamatay si *Taira-no-Kiyomori*, natalo kalaunan ng Pamilyang *Genji* ang Pamilyang *Heishi*, kaya't nawala rin ito sa kapangyarihan.

## (8) Panahon ng *Kamakura* (1192～1333)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **1192** | **Naging *Seii-tai-shogun* si *Minamoto-no-Yoritomo* at itinatag niya ang *Kamakura Bakufu.*** <br>*Minamoto-no-Yoritomo* | ＝Kulturang *Kamakura*＝<br><br>Bagong Buddhismo<br>・*Jodo-shu* [*Honen*]<br>・*Jodo-shinshu* [*Shinran*]<br>・*Ji-shu* [*Ippen*]<br>・*Nichiren-shu* [*Nichiren*]<br>・*Zen-shu* (Galing sa Tsina)<br>*Rinzai-shu* [*Eisai*]<br>*Soto-shu* [*Dogen*] |
| 1219 | Pinatay ang pangatlong *Shogun* na si *Minamoto-no-Sanetomo*. | "*Shin-kokin-waka-shu*"<br>"Kuwento ng Pamilyang *Heike*"  |
| **1221** | **Naganap ang giyerang *Jokyu.*** | "*Hojo-ki*"<br>[*Kamo no chomei*] |
| **1232** | **Nagtakda si *Hojo Yasutoki* ng batas *Goseibai shikimoku*.** | Istatuwang *Kongo-rikishi-zo*<br>(Templong *Todai-ji*)<br>[*Unkei*, *Kaikei*]  |
| **1274** | **Dumating ang maraming hukbo galing sa *Gen* (Yuan, Mongolia).**<br>**(Giyera ng *Bun-ei*)** | |
| **1281** | **Dumating ulit ang hukbo ng *Gen* (Yuan, Mongolia). (Giyera ng *Koan*)** <br>Kublai Khan | <br>*Moko Shurai Ekotoba* |
| 1297 | Inihayag ang Utos na *Tokusei-rei*. | "*Tsure-zure-gusa*" [*Yoshida Kenko*] |
| **1333** | **Bumagsak ang *Kamakura Bakufu.*** | |

### *Shugo*

Ito ang mga opisyal na nilagay ni *Minamoto-no-Yoritomo* sa bawat bansa. Pang-militar at pulis ang kanilang trabaho.

### *Jito*

Ito ang mga opisyal na nilagay ni *Minamoto-no-Yoritomo* sa *Shoen* (asyenda) at *Koryo* (lupaing kontrolado ng pamahalaan). Sila ang nangolekta ng *Nengu* (buwis) mula sa mga magsasaka.

### *Shikken-seiji*

Pagkatapos mamatay ang ikatlong shogun na si *Minamoto-no-Sanetomo*, lumipat ang kapangyarihan ng pulitika sa Pamilyang *Hojo*. Kumuha ang Pamilyang *Hojo* ng puwesto na tinawag na *Shikken* at namahala sila sa sariling bayan ng asawa ni *Minamoto-no-Yoritomo*.

### Giyerang *Jokyu*

Noong 1221, nagtayo ng mga hukbo si *Gotoba-Joko* upang maibalik ang dating kapangyarihan ng *Chotei* (Imperial Court o Hukumang imperyal) pero natalo ng mga hukbo ng *Bakufu*. Pagkatapos, nilagay ng *Bakufu* ang *Rokuhara-tandai* sa *Kyoto* para bantayan ang *Chotei* (imperial Court).

### *Goseibai Shikimoku*

Noong 1232, isinabatas ito ni *Shikken Hojo Yasutoki* upang magkaroon ng criterion o batayan ang paghuhukom sa mga *Gokenin* (tagasunod ng *Shogun*). Sa loob ng mahabang panahon, ito'y naging modelo sa mga batas ng *Bushi* (*samurai*).

### *Genko*

Paglusob ng Monggolyang Kublai Khan nang dalawang beses (Giyera ng *Bun-ei* noong 1274; Giyera ng *Koan* noong 1281). Sinubukang sakupin ang bansang Hapon pero nabigo.

### *Go-on* at *Hoko*

Natali sa relasyong amo-at-tagasunod ang *Shogun* at *Gokenin* (tagasunod nito). Ipinagtanggol ng *Shogun* ang lupain ng mga *Gokenin* (*Go-on*), kaya lumaban ang mga *Gokenin* para sa kanya at initaya ang kanilang mga buhay (*Hoko*). Patuloy ang ganitong relasyong *Go-on* at *Hoko* hanggang sa panahon ng *Muromachi* at panahon ng *Edo*.

*Shogun*

Pagbigay ng lupa＝*Go-on* ⇩ ⇧ Paglabang nakataya ang buhay＝*Hoko*

*Gokenin*

### Utos na *Tokusei-rei*

Pagkatapos ng *Genko*, iniutos ng *Kamakura Bakufu* ang *Tokusei-rei* na nag-alis ng mga utang upang mailigtas ang mga *Gokenin* sa kahirapan ng buhay.

## Buod

1. Bumagsak ang Pamilyang *Heishi* at nagkaroon ng kapangyarihang pampulitika si *Minamoto-no-Yoritomo*. Naglagay ng *Shugo* at *Jito*, naging *Seii-tai-shogun* at naitatag ang *Kamakura Bakufu*. Nakatali ang *Shogun* at ang mga tagasunod sa relasyong *Go-on* at *Hoko*.

2. Pagkatapos mamatay ni *Minamoto-no-Yoritomo*, kinuha ng Pamilyang *Hojo* ang *Shikken* at nagkaroon ito ng kapangyarihang pampulitika.

◇Para maibalik ni *Gotoba-joko* ang kapangyarihan sa pulitika mula sa Pamilyang *Hojo*, nagtayo si *Gotoba-Joko* ng mga hukbo pero bumagsak ito sa mga hukbo ng *Bakufu*. (Giyerang *Jokyu)*

◇Ginawa ang batas *Goseibai shikimoku* para sa mga *Bushi* (samurai).

3. Dalawang beses na nagkaroon ng giyera laban sa *Gen* (Yuan, Mongolia) (*Genko*).


◇Nahirapan sa pera ang *Bakufu* dahil sa malaking gastos.

◇Nahirapan ang mga *Bushi* (samurai) sa buhay nila dahil hindi nila natanggap ang anumang gantimpala kaya hindi sila nasiyahan sa *Bakufu.* Dahil dito, inihayag ng *Bakufu* ang utos *Tokusei-rei*.

4. Pinalaganap ang bagong Buddhismo at nabuhay ang kulturang *Kamakura* (kultura ng mga Noble at kultura ng mga *Bushi*).

## **(9) Panahon ng *Muromachi* (1338～1573)**

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **1333** | **Nagsimula ang bagong sistemang pulitika na tinawag na *Kemmu no Shinsei*.** | |
| 1336 | Lumipad si emperador *Godaigo* sa *Yoshino*. Nagkahiwalay ang Northern Courts at ang Southern Courts, at hindi na pinag-isa. | |
| **1338** | **Nagtatag si *Ashikaga Takauji* ng *Muromochi* Bakufu.** | |
| **1392** | **Pinag-isa ang Northern Courts at Southern Courts.** | ＝Kulturang *Muromachi*＝ |
| 1397 | Nagtayo ng templong *Kinkaku-ji* si *Ashikaga Yoshimitsu*. | Kuluturang *Kitayama* |
| 1404 | Nagsimula ang kalakalang *Kango* (kalakalang *Nichimin*). | Templong *Kinkaku* (*Kyoto* prefecture)  *Noh* [*Kan-ami*, *Ze-ami*] "*Taihei-ki*" |
| **1467** | **Nagsimula ang kaguluhang *Onin*.** | |
| 1489 | Nagtayo ng templong *Ginkaku-ji* si *Ashikaga Yoshimasa.* | Kulturang *Higashiyama* Templong *Ginkaku* (*Kyoto* prefecture)  *Ryoanji no Sekitei* (*Kyoto* prefecture)  *Suiboku-ga* [*Sesshu*]  *Shoin-zukuri*  |
| **1543** | **Pumasok ang mga armas.** | |
| **1549** | **Dumating ang Kristyanismo.** | *Kyo-gen* *Renga* *Cha-no-yu* "*Otogi-zoshi*"  ("*Issun-boshi*") |
| 1573 | Bumagksak ang *Muromachi Bakufu*. | |


**_Kemmu no Shinsei_ (Bagong sistemang pampulitika)**

Isang taon matapos bumagsak ang *Kamakura bakufu*, binago ni emperador *Godaigo* ang tawag sa panahong ito. Tinawag niya itong *Kemmu* at sinimulan ang bagong yugto kung saan itinaas ang dangal ng mga Korte. Kaya't lalong nayamot ang mga *Bushi* (samurai), nag-alsa si *Ashikaga Takauji* at tumagal lamang ng dalawang taon ang bagong pamahalaang ito.

**Kaguluhan ng _Namboku-cho_ (the Northern and Southern Courts)**

Nagkahiwalay at nagkalaban ang *Nancho* o Korte sa Timog (sa panig ni emperador *Godaigo*) at *Hokucho* o Hilagang Korte (sa panig ni *Ashikaga Takauji*). Tumagal ang kaguluhang ito sa loob ng 60 taon. Pinag-isa ng ika-tatlong *Shogun* na si *Ashikaga Yoshimitsu* ang Korte sa Hilaga at Korte sa Timog.

**_Kango_ Trade (_Nichimin_ Trade)**



Ito ang pakikipagkalakal sa *Min* (Ming) na sinimulan ng ika-tatlong *Shogun* na si *Ashikaga Yoshimitsu*. Ginamit niya sa pagbibilang ang mga tally sticks na gawa sa kahoy o *Kango* upang makilala ang opisyal na barkong pangkalakal mula sa *Wako* (mga piratang umaatake malapit sa Tsina).

**Kaguluhan ng _Onin_**

Noong 1467, sa ilalim ng ika-walong *Shogun* na si *Ashikaga Yoshimasa*, hinarap ng mga pamilyang *Hosokawa* at *Yamana* ang isyu hinggil sa kung sino ang susunod na *Shogun*. Nangyari ang giyera sa *Kyoto* na kinasangkutan ng maraming *Shugo Daimyo* (mga pinuno sa iba't ibang lugar na gumaganap bilang pulis panlalawigan). Unti-unting kumalat ang giyera sa buong bansa at tumagal ng humigit-kumulang 11 taon. Mula noon, tinawag itong "Panahon ng *Sengoku*" at humina ang kapangyarihan ng *Muromachi Bafuku*.

**Kalakalang Intermediyaryo (_Chukei-boeki_ o _Nakatsugi-boeki_)**

Sa unang bahagi ng ika-15 siglo, naitatag ang kahariang *Ryukyu* (ang *Okinawa* prefecture ngayon). Aktibo ang kahariang *Ryukyu* sa pakikipagkalakal sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ito pa nga ang naging tulay sa pagitan ng mga bansang Tsina, Korea at Hapon, sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Tinawag ang uri ng pangangalakal na ito na "Kalakalang Intermediyaryo (*Nakatsugi Boeki*)".

**Pagpasok ng mga Armas**

Nagka-interes si *Sengoku Daimyo* sa mga pumasok na armas galing Portugal kaya kumalat sa buong bansang Hapon ang mga ito. Dahil dito, nabago ang paraan ng pakikipaglaban.

**Pagdating ng Kristiyanismo**

Ipinakilala sa bansang Hapon ng misyonaryong si Francisco Javier na kabilang sa Society of Jesus ang Kristyanismo**.** Dumating si Javier sa Asya upang palaganapin ang Kristyanismo.

**Kalakalang _Namban_**

Ito ang pakikipagkalakal sa mga Portuges o Espanyol. Ang mga kalakal-panluwas ay pilak, at ang mga inaangkat ay sutla na gawa sa Tsina, mga armas, pulburang pang-armas, mga babasaging gamit (glass products) at iba pa.

**Buod**

1. Pagkatapos ng pagbagsak ng *Kamakura Bakufu*, nagsimula ang bagong sistemang pampulitika kung saan inilagay sa sentro ang emperador (*Kemmu no Shinsei*).

◇Bumagsak ang *Kemmu no Shinsei* pagkatapos ng mga dalawang taon dahil sa pagkayamot ng mga *Bushi* sa pulitika kung saan binigyang halaga ang *Kuge* (Court noble), at nagsimula ang labanang *Namboku-cho*.

◇Noong panahon ng ika-tatlong *Shogun* na si *Ashikaga Yoshimitsu*, napag-isa ang *Namboku-cho*.

2. Naging *Seii-Taishogun* si *Ashikaga Takauji* at itinatag niya ang *Muromachi Bakufu*.

3. Nagsimula ang kalakalang *Kango* (kalakalan ng *Nichimin*) sa ilalim ng ika-tatlong *Shogun* na si *Ashikaga Yoshimitsu*, at nagpayaman ito sa mga *Bakufu*.

4. Naganap ang Kaguluhan ng *Onin* bunsod ng kung sino ang papalit sa Pamilya ng *Shogun*. Nang lumaban ang mga *Shugo Daimyo*, umabot ang kaguluhan sa buong bansa.


5. Pagkatapos ng kaguluhan ng *Onin*, lumawak ang *Gekokujo* (pagkapanalo ng mga taong mas mababa ang uri laban sa mas nakakataas) at nagkaroon ng *Sengoku Daimyo* sa bawat lugar.

6. Dumating ang mga taga-Europa at ipinakilala ang mga armas at Kristiyanismo. Nagkaroon ng kalakalan kasama ang Portuges at Espanyol (kalakalan ng *Namban*) at pumasok ang Kulturang *Namban*. May nakasulat ukol sa Kulturang *Namban* sa bahagi ng panahon ng *Azuchi-Momoyama*.

7. Sa mga kultura sa panahon ng *Muromachi*, kabilang ang Kulturang *Kitayama* (Templong *Kinkaku-ji*, *Noh*) kung saan nagsama ang kultura ng *Kuge* (noble) at *Buke* (samurai), at Kulturang *Higashiyama* (Templong *Ginkaku-ji*, *Suiboku-ga* =black and white drawing) na inilalarawan ng pagiging simple at elegante.

## (10) Panahon ng *Azuchi-Momoyama* (1573〜1603)

***Legend**…Ang **kulay itim at makapal** na sulat ay mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| 1577 | Nagsimula si *Oda Nobunaga* ng *Rakuichi-Rakuza* sa pook na nakapaligid sa Kastilyo ng *Azuchi*. | ＝Kulturang *Namban*＝<br>・Tinapay ・Sigarilyo ・Buton<br>・Pag-aaral ng panggagamot<br>・Pag-aaral ng astronomiya<br>・Nabigasyon<br>・Carta o Baraha<br>・Sponge cakes |
| 1582 | Namatay si *Oda Nobunaga* sa tinatawag na Insidente ng templong *Honno-ji*.<br><br>*Oda Nobunaga* | ＝Kulturang *Momoyama*＝<br>Arkitekturang Citadel<br>Kastilyo ng *Azuchi*<br>(*Shiga* prefecture) [*Nobunaga*]<br>Kastilyo ng *Osaka*<br>(*Osaka* prefecture) [*Hideyoshi*]<br>Kastilyo ng *Himeji* (*Hyogo* prefecture) |
| 1852 | Sinimulan ni *Toyotomi Hideyoshi* ang *Kenchi* (the cadastral surveys). | |
| 1588 | Ipinatupad ni *Toyotomi Hideyoshi* ang utos ng *Katana-gari*. | *Byobu-e* at *Fusuma-e*<br>[*Kano Eitoku* at *Kano Sanraku*]<br>*Cha no Yu* [*Sen no Rikyu*]<br>*Joruri (Shamisen)*<br>Sayaw ng *Kabuki*<br>[*Izumo no Okuni*]<br>*Cha no yu*<br> |
| **1590** | **Pinag-isa ni *Toyotomi Hideyoshi* ang bansa.** | |
| 1592 | Nagpadala si *Toyotomi Hideyoshi* ng hukbo sa Korea. | |
| 1598 | Namatay si *Toyotomi Hideyoshi*.<br><br>*Toyotomi Hideyoshi* | |
| 1600 | Naganap ang giyera sa *Sekigahara*. | |

### *Rakuichi-Rakuza*

Ito ang tawag sa patakaran ni *Oda Nobunaga*. Isinulong niya ang pagnenegosyo at industriya sa pamamagitan ng pagtanggal ng pangnegosyong buwis. Inalis niya rin ang mga checkpoint upang lumuwag ang daloy ng trapiko.

### *Taiko Kenchi*

Ito ang tawag sa patakaran ni *Toyotomi Hideyoshi*. Layunin nito ang masigurong maayos ang pangongolekta ng *Nengu* (buwis). Sa pamamagitan ng pagtalaga ng pamantayan sa pagsusukat kagaya ng ruler, sinukat niya ang mga taniman sa buong bansa at tinantya ang dami ng produksyon gamit ang *Koku-daka*. Ang isang *Koku* ng bigas ay katumbas ng bigat na 150 kg. Sa pamamagitan ng *Taiko Kenchi*, ang mga lupain ay hindi na muling ipinagkaloob sa mga *Kuge* o aristocrat, templo at makapangyarihang magsasaka. Sa halip, ito ay binigay sa mga magsasaka na sila naman talagang nagpayaman sa naturang lupain.

### *Katana gari* (Paghahanap at pagkumpiska ng mga Espada o Armas)

Ito ang patakaran ni *Toyotomi Hideyoshi* upang matigil ang paglaban ng mga magsasaka tulad ng mga *Ikki* (kaguluhan) sa bawat lugar. Binawi ang mga espada o armas nila.

### *Heino Bunri* (Pagbukod sa mga Mandirigma mula sa mga Magsasaka)

Sa pamamagitan ng patupad ng utos ng *Taiko Kenchi* at *Katana gari*, binukod ang mga *Bushi* mula sa mga magsasaka.

### Pagsakop sa Korea

Naisip ni *Toyotomi Hideyoshi* na sakupin ang *Min* (Ming) kaya pinadala niya nang dalawang beses ang mga hukbo sa Korea na daanan patungo Tsina. Ngunit sila ay nakaranas ng matinding paglaban ng mga mamamayan sa Korea at namatay pa si *Hideyoshi* sa sakit, kaya pinauwi ang mga hukbo.

### Giyera sa *Sekigahara*

Pagkatapos mamatay ni *Toyotomi Hideyoshi*, tinalo ni *Tokugawa Ieyasu* ang ilang *Daimyo* ni *Ishida Mitsunari* at ng iba pa na sumubok ipagpatuloy ang pamamahala ng pamilyang *Toyotomi* sa *Sekigahara*.

## **Buod**

1. Bumagsak si *Oda Nobunaga* ng *Muromachi Bakufu*. Ipinatupad niya ang utos ng *Rakuichi Rakuza* sa pook na nakapaligid sa Kastilyo ng *Azuchi*.

2. Pagkatapos mamatay ni *Oda Nobunaga*, pinagkaisa ni *Toyotomi Hideyoshi* ang bansang Hapon.

◇Ipinatupad ni *Toyotomi Hideyoshi* ang utos ng *Taiko Kenchi* at *Katana gari*. Pinalitan niya ang lumang sistema ng lipunan (*Heino-bunri)*.

◇Ninais ni *Toyotomi Hideyoshi* na sakupin ang *Min* (Ming) kaya sinalakay nila ang Korea nang dalawang beses pero nabigo ito.

3. Lumago nang husto ang magarbong Kulturang *Momoyama*. Ipinakita nito ang diwa ng *Daimyo* at mayayamang negosyante na umangat ang estado mula sa dati nilang mababang estado lamang. Ipinakita rin sa kultura ng yugtong ito ang impluwensya ng kultura ng Europa (Kulturang *Namban*) sa pamamagitan ng kalakalang *Namban*.

## (11) Panahon ng *Edo* (1603〜1868)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **1603** | **Nagtatag si *Tokugawa Ieyasu* ng *Bakufu* sa *Edo*.**<br><br>*Tokugawa Ieyasu* | |
| 1615 | Bumagsak ang Pamilyang *Toyotomi*. Itinatag ang *Bukesho-hatto*. | |
| 1635 | Itinatag ang sistemang *Sankin-Kotai*. | |
| **1637** | **Naganap ang mga kaguluhan sa *Shimabara* at *Amakusa*.** | |
| **1639** | **Ipinagbawal ang pagpasok ng mga barko ng Portuges sa bansang Hapon.** | |
| **1641** | **Itinatag ang sistema ng *Sakoku* (pagbubukod o isolation policy).** | ＝Kulturang *Genroku*＝<br>Kultura ng taumbayan sa sentro ng *Kamigata* (*Osaka* at *Kyoto*) |
| 1687 | Inilabas ang *Shorui Awaremi no Rei* (Batas sa Pagtatanggol sa mga Hayop). | [*Chikamatsu Monzaemon*]<br>*Ningyo Joruri*<br><br>[*Matsuo Basho*]<br>*Haikai*<br>"*Okuno hosomichi*"<br><br>[*Ihara Saikaku*] *Ukiyo zoshi*<br>Naging sikat ang *Kabuki*. |
| **1716** | **Inilunsad ni *Tokugawa Yoshimune* ang Reporma ng *Kyoho*.** | Sinimulan ang *Ran-gaku* (pag-aaral hinggil sa mga Dutch o Olandes) at *Koku-gaku* (Pag-aaral sa Japanese classical literature). |
| 1772 | Si *Tanuma Okitsugu* ay naging *Roju* (senior councilor). | [*Sugita Genpaku*] "*Kaitai Shinsho*" (1774)<br>[*Motoori Norinaga*] "*Kojiki den*" (1798) |
| 1782 | Naganap ang matinding Taggutom ng *Temmei*. | |
| **1787** | **Inilunsad ni *Matsudaira Sadanobu* ang Reporma ng *Kansei*.** | |

| | | |
|---|---|---|
| Sa unang bahagi ng Ika-19 siglo | | ＝Kulturang *Kasei*＝<br>Kultura ng taumbayan sa sentro ng *Edo*.<br><br>*Ukiyoe*<br>[*Kitagawa Utamaro*] *Bijn-ga*<br>(larawan ng magandang babae)<br>[*Katsushika Hokusai*] *Fukei-ga*<br>(larawan ng mga tanawin)<br>[*Utagawa Hiroshige*] *Fukei-ga* |
| **1825** | **Inilabas ang kautusan ng pagpapaalis sa mga banyagang barko.** | |
| 1833 | Naganap ang matinding taggutom ng *Tempo*. | Larawan ni *Katsushika Hokusai*  Larawan ni *Utagawa Hiroshige*  |
| **1837** | **Nangyari ang paghihimagsik ni *Oshio Heihachiro*.** | |
| **1841** | **Inilunsad ni *Mizuno Tadakuni* ang Reporma ng *Tempo*.** | |
| 1853 | Dumating si Commodore Perry sa *Uraga*.<br> | Panitikan<br>[*Juppensha ikku*] "*Tokaidochu hizakurige*"<br><br>[*Takizawa Bakin*] "*Nanso satomi hakkenden*"<br>[*Kobayashi Issa*] *Haiku*<br>[*Yosa Buson*] *Haiku* |
| **1854** | **Pinirmahan ang kasunduan ng pagkakaibigan ng bansang Hapon at Estados Unidos.** | |
| **1858** | **Pinirmahan ang kasunduan sa komersiyo ng bansang Hapon at Estados Unidos.**<br>**Nangyari ang *Ansei no Taigoku (pagpurga ng Ansei).*** | |
| 1863 | Naganap ang digmaan sa pagitan ng *Satsuma* at Britanya. | |
| 1866 | Ginawa ang Alyansa ng *Saccho* (*Satsuma* at *Choshu*). | |
| **1867** | **Ibinalik ni *Tokugawa Yoshinobu* sa emperador ang pamamahala sa Korte (*Taisei hokan*), at dahil dito, bumagsak na ang *Edo Bakufu*.** | |

*Buke shohatto* (Batas Para sa mga Mandirigma)

Nagpalabas ang *Edo Bakufu* ng batas para maiwasang maging makapangyarihan ang *Daimyo*. Hindi pinayagan ang pagpapakasal ng mga kabilang sa pamilyang *Daimyo* kung walang pahintulot ng *Bakufu*, at ipinagbawal din ang pagtatayo ng bagong kastilyo.

*Sankin Kotai* (Pagbalik ng mga Daimyo sa Edo sa Bawat Makalawang Taon)

Ito ang batas na ginawa ng ikatlong *Shogun* na si *Tokugawa Iemitsu*. Iniutos nito sa mga *Daimyo* ang pagtira sa *Edo* at sa kani-kanilang teritoryo nang tig-iisang taon. Naging magastos ito kaya't nahirapan sa pampinansyal ang bawat *Han* (lupaing-bayan). Ang layunin ng *Tokugawa Bafuku* ay pahinain ang kapangyarihan ng bawat *Han* sa pamamagitan nang pagpapahirap sa mga ito sa aspetong pampinansyal.

### Paghihimagsik sa *Shimabara* at *Amakusa*

Ito ay paghihimagsik na pinangunahan ng mga magsasaka ng lugar na ngayon ay *Nagasaki* Prefecture at *Kumamoto* Prefecture na. Prinotesta nila ang mahal na buwis at pag-uusig sa mga Kristyano. Isang batang lalaki, si *Amakusa Shiro Tokisada*, ang namuno sa paghihimagsik na ito.

### *Sakoku* (Pagsara ng Bansa)

Ito ang patakaran ng *Edo Bakufu* kung saan ipinagbawal sa mga Hapon ang magbiyahe sa ibang bansa, at ipinagbawal ang pakikipagkalakal at diplomatikong ugnayan sa ibang bansa maliban sa Tsina at Dutch. Hindi rin pwedeng magkaroon ng kalakalan sa kahit saang lugar maliban sa *Dejima sa Nagasaki*.

### *Shorui Awaremi no Rei* (Batas sa Pagtatanggol ng mga Hayop)

Ito ang batas na inilabas ng ika-limang *Shogun*, si *Tokugawa Tsunayoshi*. Ipinagbawal ang pagpatay sa lahat ng may buhay.

### Reporma ng *Kyoho*

Ito ang repormang isinulong ng ika-walong *Shogun*, si *Tokugawa Yoshimune*, kung saan itinayo muli ang *Bakufu* mula sa panghihina nito. Binawasan niya ang mga gastusin, nagpanukala ng kasimplehan at pagtitipid na nagpataas ng kita, at ipinagpatuloy ang pagpapaunlad sa mga bagong sakahan ng palay, at maraming iba pa.

### Mga Pag-aaral sa Panahon ng *Edo*

Lumaganap ang *Ran-gaku*, kung saan pinag-aralan ang mga Kanluraning bansa. At ito ay lumikha ng mga tulad ni *Sugita Gempaku*, ang naglathala ng "*Kaitai Shinsho* (mga bagong salita sa larangan ng anatomya kung saan ang mga salitang pangmedikal sa wikang Dutch ay naisalin sa salitang Hapon)." Dagdag pa rito, sinulat ni *Motoori Norinaga* ang "*Kojiki* den (aklat kung saan nakatala ang mga bagay-bagay hinggil sa mga sinaunang panahon)", at itinatag rin niya ang *Koku-gaku* (Pag-aaral tungkol sa Japanese classical literature).

### Reporma ng *Kansei*

Isinulong ng *Roju* na si *Matsudaira Sadanobu* ang reporma sa kabila ng maituturing na ulirang pamumulitika ni *Tokugawa Yoshimune*. Sinikap niyang itayo muli ang *Bafuku* pero hindi siya nagtagumpay.

### Kautusan sa Pagpapaalis ng mga Banyagang Barko

Ito ang kautusang inilabas ng *Bakufu* kung saan, gamit ang mga kanyon, ay pinaaalis ang lahat ng mga banyagang barkong papasok sa bansang Hapon. Ito ay dahil isinara ang bansa sa ibang bahagi ng mundo.

### Matinding Taggutom sa *Tempo*

Ito ang matinding taggutom na nangyari simula 1833 hanggang 1839. Dahil hindi maayos ang naging pagtugon at pamamalakad ng *Bakufu*, marami ang namatay, at naganap ang maraming kaguluhan sa bawat lugar.

### Paghihimagsik ni *Oshio Heihachiro*

Ito ang isang paghihimagsik na pinangunahan ni *Oshio Heihachiro*, isang dating hukom-opisyal ng bayan sa *Osaka*, upang iligtas ang mga magsasaka na nahirapan dahil sa mahinang ani at bagyo. Nagulat ang *Bakufu* dahil ang kaguluhan ay pinamunuan ng isa nilang dating opisyal.

### Reporma ng *Tempo*

Ito ang isang reporma kung saan nagsikap ang *Roju* na si *Mizuno Tadakuni* para itayo muli ng *Bakufu*. Ngunit nabigo rin ang repormang ito katulad ng Reporma ng *Kansei*. Tinatawag na *Sandai Kaikaku* (Tatlong Reporma) ang Reporma ng *Kyoho*, Reporma ng *Kansei*, at Reporma ng *Tempo*.

### Pagdating ni Commodore Perry (Pagdating ng Barkong Itim)

Noong 1853, dumating sa *Uraga* ang Amerikanong si Commodore Perry. Hiningi niya sa bansang Hapon na buksan ang bansa dahil kailangan nila ang daungan para sa mga barkong pangkalakal at panghuli ng mga balyena sa Pasipiko.

### Kasunduan ng Pagkakaibigan ng mga bansang Hapon at Estados Unidos (Treaty of Peace and Amity between the U.S. and Japan)

Ito ang isang kasunduang pinirmahan ng mga bansang Hapon at Estados Unidos isang taon matapos dumating si Perry. Binuksan ng *Bakufu* ang mga daungan sa *Shimoda* (*Shizuoka* Prefecture) at *Hakodate* (*Hokkaido*). Nangako ang bansang Hapon na magbibigay ng gasolina at pagkain sa mga barko ng Estados Unidos. Dahil dito, natapos ang pagsasarili ng bansang Hapon na tumagal nang mahigit 200 taon.

### Kasunduan sa Komersiyo ng mga bansang Hapon at Estados Unidos (Treaty of Amity and Commerce)

Ito ang kasunduang pinirmahan ng *Tairo* (Punong Ministro) ng *Bakufu* na si *Ii Naosuke* at ng kinatawan ng Estados Unidos na si Harris. Hindi pantay ang kasunduan dahil hindi maaaring litisin ang mga banyagang kriminal gamit ang o ayon sa batas ng bansang Hapon (pinayagan ng bansang Hapon ang pagkakaroon ng hurisdiksyon kahit sa labas na ng bansa), at hindi pwedeng patawan ng buwis ang mga produktong inaangkat (walang otonomiya sa taripa).

### *Ansei no Taigoku* (Pagpurga sa Pahahon ng *Ansei*)

Dahil sa kaguluhan matapos buksan ang bansa sa mundo, tumindi ang pagkayamot kay *Ii Naosuke* na siyang responsable sa pagpirma ng kasunduan sa Estados Unidos. Nangyari ang kilusan ng *Sonno-joi* (Sambahin ang Emperador at Paalisin ang mga Masasama). Pinagmalupitan ni *Ii Naosuke* ang maraming tao at ikinulong sila upang matigil ang kilusan.

### Digmaan sa Pagitan ng *Satsuma* at Britanya

Napatay ng Bushi ng *Satsuma* (*Kagoshima* prefecture na ngayon) ang isang Briton sa barangay ng *Namamugi* sa *Yokohama*. Ikinagalit ito ng Britanya kaya inatake nito ang *Satsuma Han*. Napinsala nang malaki ang *Satsuma Han*, at napagtanto nitong hindi na maaaring sundin at sambahin ang Emperador.

### Alyansa ng *Saccho*

Ito ang pangakuan sa pagitan ng *Satsuma Han* (*Kagoshima* prefecture sa ngayon) na natalo sa banyagang bansa, at ng *Choshu Han* (*Yamaguchi* prefecture sa ngayon) sa pamamagitan ni *Sakamoto Ryoma*. Naisipan nilang magbuklod upang lumaban para mapatalsik ang *Bafuku*, at pagkatapos ay magtayo ng bagong pamahalaan.

### *Taisei Hokan* (Pagsasauli ng Kautusan ng Korte ng Imperyo)

Ibinalik ng ika-15 *Shogun* na si *Tokugawa Yoshinobu* ang karapatan ng pamamahala sa Korte ng Emperador. Dahil dito, natapos ang 700-taong pamumuno ng *Bushi* mula pa sa pahahon ng *Kamakura*.

## Buod

**Pagtatayo ng *Edo Bakufu* at *Sakoku***

1. Nanalo si *Tokugawa Ieyasu* sa digmaan sa *Sekigahara*, naging *Seii-taishogun,* at itinatag ang *Edo Bakufu*.

2. Sa pamamagitan ng pagtatag ng *Buke Sho Hatto* at pag-uutos ng *Sankin Kotai*, naiwasang maging makapangyarihan ang mga *Daimyo*.

3. Dahil sa himagsikan sa *Shimabara* at *Amakusa*, ipinagbawal ang pagpasok ng barko ng Portuges noong 1939. Nang ilipat sa *Nagasaki* ang opisina ng isang Dutch trading firm noong 1641, ganap na naipatupad ang *Sakoku* (o pagbubukod ng bansa sa ibang bahagi ng mundo). Tanging *Shin* (Qing) at Dutch lamang ang pinahintulutang makipagkalakal sa bansang Hapon, at ito ay doon lamang sa *Dejima*, *Nagasaki*.

**Reporma ng Pulitika sa *Edo Bakufu***

Tinawag bilang tatlong malalaking Reporma sa *Edo* ang mga Reporma ng *Kyoho*, Reporma ng *Kansei*, at Reporma ng *Tempo*.

**Pagbukas ng Bansa at Paglipol ng *Edo Bakufu***

1. Dumating si Perry galing sa Estados Unidos. Pagkalipas ng isang taon, binuksan ang mga daungan sa *Shimoda* at *Hakodate* dahil sa Kasunduan ng Pagkakaibigan ng Estados Unidos at bansang Hapon.

2. Pinirmahan ni *Ii Naosuke* ang Kasunduan ng Estados Unidos at bansang Hapon sa Komersiyo. Hindi ito pantay dahil kahit nasa ibang teritoryo na ang mga Amerikano, taglay nila at mas matimbang pa rin ang kanilang mga pambansang karapatan, at walang ipinapataw na buwis sa mga inaangkat mula sa ibang bansa. Walang pansariling taripa.

3. Sa ilalim ng Alyansa ng *Saccho*, tinipon ang mga makapangyarihan para maibagsak ang *Bakufu.* Ibinalik ang kapangyarihang mamahala sa Korte. Bumagsak ang *Edo Bafuku.*

**Pagsulong ng Kultura**

1. Ang Kulturang *Genroku* ay isang kultura ng mga tao sa *Kamigata* (*Kyoto* at *Osaka*).
   Ang Kulturang *Kasei* ay hinog nang kultura ng mga tao sa *Edo*.

2. Yumabong ang mga pag-aaral tulad ng *Ran-gaku* at *Koku-gaku*.

# (12) Panahon ng *Meiji* (1868～1912)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **1868** | Naganap ang Digmaan ng *Boshin*.<br>**Inilabas ang *Gokajo no Goseimon.***<br>Binago ang pangalan ng *Edo*, at tinawag itong *Tokyo*. | Tinatag ang *Keio Gijuku*.(1868)<br>Nagsimula ang *Bummei kaika*.<br><br><br>Larawan ng *Bummei kaika* |
| 1869 | Ginawa ang *Hanseki Hokan*. | |
| **1871** | **Ginawa ang *Haihan Chiken.***<br>Umalis sina *Iwakura Tomomi* para magsaliksik sa Estados Unidos at mga bansa sa Europa. | Pinagpasyahan ang sistema ng paaralan.(1872) |
| **1873** | Inilabas ang utos para sa sapilitang pagsusundalo.<br>Ginawa ang *Chiso Kaisei*. | **Bumiyahe** ang tren sa pagitan ng *Shimbashi* ～Tokyo.(1872)<br> |
| **1874** | Iniharap ni *Itagaki Taisuke* ang *Kenpakusho* para sa pagtatayo ng Parliyamento, kung saan taumbayan ang pipili (*Minsen giin*). | |
| **1877** | **Naganap ang Digmaan ng *Seinan.***<br><br>*Saigo Takamori* | "*Gakumon no Susume*" [*Fukuzawa Yukichi*] (1872) |
| **1881** | **Ipinangako ng Pamahalaan na bubuksan ang Parliyamento.** | Tinayo ang *Rokumeikan*. (1883)<br> |
| 1885 | Nagkaroon ng sistemang Gabinete at si *Ito Hirobumi* ang naging kauna-unahang Punong Ministro ng Gabinete.<br><br>*Ito Hirobumi* | |

| | | |
|---|---|---|
| **1889** | **Inilabas ang Konstitusyon ng Imperyo ng bansang Hapon.** | Nakabukas ang lahat ng Linya ng *Tokaido*. (1889) |
| **1890** | **Binuksan ang Unang Kapulungan ng Imperyo.** | |
| 1894 | Nagtagumpay si *Mutsu Munemitsu* sa pag-amyenda sa Kasunduan sa Britanya. | ＝Kulturang Panahon ng *Meiji*＝ |
| 1894 | Naganap ang Digmaan ng *Nisshin* (Hapon at Tsina).<br> | Panitikan<br>[*Tsubouchi Syoyo*] “*Syosetsu Shinzui*”<br>[*Futabatei Shimei*] “*Ukigumo*”<br>[*Mori Ogai*] “*Maihime*”<br>[*Higuchi Ichiyo*] “*Takekurabe*”<br>[*Shimazaki Toson*] “*Wakana syu*”<br>[*Natsume Soseki*] “*Wagahai wa neko de aru*”<br>[*Ishikawa Takuboku*] “*Ichiaku no suna*”<br>[*Masaoka Shiki*] “*Byosyo Rokusyaku*” |
| 1895 | Nagtatag ng kasunduang *Shimonoseki* .<br>Panghihimasok ang Tatlong Partido o bansa. | |
| 1901 | Nagsimula ng operasyon ang *Yahata Seitetsusyo* (Kalakal na bakal ng *Yahata*). | |
| 1902 | Binuo ang Alyansang Hapon at Britanya. | Agham<br>[*Kitazato Shibazaburo*] (Panggagamot)<br>Pagsaliksik tungkol sa Tetanus<br>[*Shiga Kiyoshi*] (Panggagamot)<br>Pagkatuklas ng mikrobiyo (virus) ng iti o disinteria<br>[*Noguchi Hideyo*] (Panggagamot)<br>Pagsaliksik tungkol sa Yellow Fever<br>[*Takamine Jyokichi*] (Kimika)<br>Bunutan ng adrenalin<br>[*Nagaoka Hantaro*] (Pisika)<br>Pagsaliksik tungkol sa paggawa ng atomiko (atomic structure) |
| 1904 | Naganap ang Digmaan ng *Nichiro* (Hapon at Rusiya).<br> | |
| 1910 | Sinakop ang Korea. | |
| 1911 | Hanggang sa taong ito, nabawi ni Komura Jutaro ang awtonomiya sa pagtataripa sa pamamagitan ng pag-amyenda sa mga kasunduan sa pagitan ng maraming bansa. | Sining<br>[*Okakura Tenshin*]<br>Muling pagkabuhay ng pinturang Hapon<br>[*Yokoyama Taikan*]<br>Pinturang Hapon<br>[*Kuroda Seiki*]<br>Pinturang Kanluran (Europa)<br>Musika<br>[*Taki Rentaro*] “*Kojo no tsuki*” |

### Digmaan ng *Boshin*

Ito ang digmaan sa pagitan ng mga sundalo ng dating *Bakufu*, at mga sundalo ng bagong pamahalaan pagkatapos ng *Taisei Hokan* (Pagsasauli ng Kautusan ng Korte ng Imperyo). Nanalo ang mga sundalo ng bagong pamahalaan dahil mga bagong armas ang gamit nila.

### *Gokajo no Goseimon* (Panunumpa sa Limang Artikulo)

Ito ang kapahayagang itinuro para sa pagbabago sa bansa sa ilalim ng pamamahala ni *Meiji*.

### *Hanseki Hokan*

Upang mabuo ang isang bansang nasa gobiyerno ang kapangyarihan, pinabalik sa gobiyerno ang mga lupain at taong hawak ng *Daimyo*.

### *Haihan Chiken*

Sa pamamagitan ng *Hanseki Hokan*, ipinabalik sa gobiyerno ang mga lupain at taong hawak ng *Daimyo*. Ngunit, patuloy pa ring namahala sa kani-kanilang teritoryo ang *Daimyo*. Binago ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa *Kenrei* (Gobernador) mula sa kapital para makarating ang kapangyarihan ng gobiyerno doon.

### Sistema ng Paaralan

Sa ilalim ng sistemang ito, lahat ng lalaki at babaeng may edad na anim na taong gulang o pataas ay pinakuha ng edukasyon sa elementarya.

### Utos Para sa Sapilitang Pagsusundalo

Ang lalaking may edad na dalawampung taong gulang o pataas ay kailangang pumasok sa serbisyong militar upang mapabilang sa binuong makabagong militar.

### *Chiso Kaisei* (Reporma ng Buwis sa Lupain)

Maganda man o masama ang ani sa palay, nangongolekta ang gobiyerno ng perang katumbas sa 3 % ng halaga ng lupain (*Chiso*) mula sa mga may-ari nito upang mapatatag ang pondo ng gobiyerno.

### Mungkahing Itayo ang Parliyamentong Pipiliin ng Tao

Ito ang opinyong sinulat at ipinadala ni *Itagaki Taisuke* at iba pa sa pamahalaan. Hinihingi nitong buksan ang pambansang Diet at maipamalas ang opinyon ng taumbayan sa larangan ng pulitika. Hindi nagtagal at kumalat na sa buong bansa ang mga pagkilos para sa kalayaan at karapatang pantao.

### Digmaan ng *Seinan*

Sinimulan ni *Saigo Takamori* ang paghihimagsik sa kaniyang lugar na *Kagoshima* dahil sa panghihimok sa kanya ng mga nagreklamo sa paraan ng pamamahala.

### Konstitusyon ng Imperyo ng bansang Hapon

Ginaya ito sa konstitusyon ng Alemanya kung saan malawak ang saklaw ng kapangyarihan ng Emperador. Pinaalam ito ng Emperador sa mga tao.

### Kapulungan ng Imperyo

Ito ay sistemang binubuo ng dalawang Kapulungan. Una ay ang Kapulungan ng *Kizoku* (noble) na kinabibilangan ng mga *Kozoku* (pamilya ng emperador) at *Kazoku* (maharlikang pamilya) bilang miyembro. Pangalawa ay ang Mababang Kapulungan na binubuo ng mga inihalal na miyembro. Binigyan lamang ng karapatan ng pagboto sa Mababang Kapulungan ang mga lalaking may edad na 25 taong gulang o pataas na nagbabayad ng malaking buwis. Bunsod nito, humigit-kumulang isang porsyento lamang ng populasyon ang maaaring bumoto.

### Digmaan ng *Nisshin* (Hapon at Tsina)

Ito ang labanan ng bansang Hapon at *Shin* (Qing) para sa pagkontrol sa Korea. Nagsimula ang digmaan pagkatapos ng paghihimagsik ng mga magsasakang Koreano (*Kogo* Peasant Revolution) bunsod ng paglusob ng bansang Hapon, pagkayamot sa mga opisiyal, at kakulangan sa ani.

### Kasunduan ng *Shimonoseki*

Ito ang kasunduang pinirmahan ng mga bansang *Shin* (Qing) at Hapon. Ipinangako ng *Shin* (Qing) sa bansang Hapon ang mga sumusunod na tatlong bagay:
(1) Tinanggap ng *Shin* (Qing) ang independensiya ng Korea.
(2) Ibinigay ng *Shin* (Qing) ang Liaodong (*Ryoto*) peninsula at Taiwan sa bansang Hapon.
(3) Nagbayad ang Shin ng 200 milyong *Ryo* (Sa panahong ito, ito ay katumbas ng 310 milyon Yen) para sa mga napinsala.

### Panghihimasok ng Tatlong partido o bansa

Iginiit ng Rusiya, Alemanya at Pransiya sa bansang Hapon na ibalik sa *Shin* (Qing) ang Liaodong Peninsula na binigay ng Tsina noong manalo ang bansang Hapon sa Digmaan ng *Nisshin*.

### *Yahata Seitetsusyo* (Kalakal na bakal ng *Yahata*)

Ginawa ito bilang bahagi ng bayad-pinsala sa Digmaan ng *Nisshin*. Ito'y naging batayan ng pagsulong ng makabagong industriya sa bansang Hapon.

### Alyansang Hapon at Britanya

Bumuo ng alyansa ang bansang Hapon at Britanya upang maprotektahan ang interes nila sa Tsina at Korea dahil nauna nang nakipag-alyansa ang Rusya sa Silangang Asya.

### Digmaan ng *Nichiro* (Hapon at Rusiya)

Naganap ang digmaan sa pagitan ng mga bansang Hapon at Rusiya, at naging target ang Manchuria (hilagang-silangang bahagi ng Tsina). Dahil nagtagal ang digmaang ito, nahirapan na ang dalawang bansa na ipagpatuloy pa ito kaya't pinirmahan ang Kasunduan ng Portsmouth.

### Kasunduan ng Portsmouth

Pagkatapos ng Digmaan ng *Nichiro*, pinirmahan ang kasunduan sa pagitan ng mga bansang Hapon at Rusiya. Ipinangako ng Rusiya sa Hapon ang mga sumusunod:
(1) Tinanggap ng Rusiya ang karapatan ng bansang Hapon na kontrolin ang Korea.
(2) Binigay ng Rusiya sa Hapon ang karapatang hiramin ang Lushun (*Ryojun)* at Dalian (*Dairen)*.
(3) Binigay ng Rusiya sa Hapon ang karapatang pamahalaan ang tren sa Timog na Manchuria.
(4) Binigay ng Rusiya ang bahagi ng Sakhalin (*Karafuto*) na nasa Timog mula sa latitude 50 °.
(5) Tinanggap ng Rusiya ang karapatang mangisda sa Dagat Okhotsk o Dagat Bering.

### Pagsakop sa Korea

Sinakop ng bansang Hapon ang Korea at naglagay ng Governor-General (opisinang panggobyerno) sa Korea.

## Buod

### *Meiji Ishin* at Konstitusyon ng Imperyo ng Bansang Hapon

1. Itinatag ng bagong gobiyerno ang Sistemang Sentralisasyon sa pamamagitan ng *Gokajo no Goseimon* at *Hanseki Hokan*. Pagkatapos nito, ipinatupad ang *Haihan Chiken* at pinadala ang mga gobernador mula sa sentro para hindi makapasok sa pulitika ang mga *Daimyo*.

2. Inilathala ang Utos Para sa Sapilitang Pagsusundalo para sa *Fukoku kyohei* (pamamalakad para dagdagan ang yaman at kapangyarihan ng militar) at itinayo ang mga modernong pagawaan sa iba't ibang lugar na pinamamahalaan ng gobiyerno para makahikayat ng mga bagong industriya.

3. Naghimagsik ang mga *Shizoku* (dating samurai) na may reklamo laban sa gobiyerno. Pinakamalaking paghihimagsik ang Digmaan ng *Seinan*.

4. Noong 1874, inilabas ni *Itagaki Taisuke* ang Mungkahi para sa Pagtatayo ng Parliyamento na Pipiliin ng mga Tao at ang pagkilos para sa kalayaan at karapatang pantao ay kumalat sa buong bansa. Dahil sa mga pagkilos na ito, naging mas interesado at nakilahok sa pulitika ang taumbayan.

5. Inilabas ang Konstitusyon ng Imperyo ng bansang Hapon na ginaya sa konstitusyon ng Alemanya. Layunin nito ang magkaroon ng isang bansang naka-sentro ang kapangyarihan sa emperador.

6. Nagsimula ang Kapulungan ng Imperyo. Ito ang sistema ng dalawang Kapulungan - ang Kapulungan ng *Kizoku* na binubuo ng mga *Kozoku* at *Kazoku* at iba pa, at ang Mababang Kapulungan na binubuo ng mga representante na hinalal.

### Pagkikilos sa Mga Ibang Bansa at Pagpapalawak ng Industriya

1. Ang pag-amyenda sa mga kasunduang hindi pantay nang pirmahan noong huling bahagi ng panahon ng *Bakufu* ((1) Pag-alis ng karapatan sa iba pang teritoryo, (2) Pagpapanumbalik ng Taripa) ay natupad hanggang 1911.

2. Ang Digmaan ng *Nisshin* (Hapon at Tsina) ay nagsimula sa pagitan ng Hapon at *Shin* (Qing) pagkatapos ng paghihimagsik ng mga magsasakang Koreano (*Kougo* Peasant Revolution). Nanalo ang bansang Hapon sa digmaang ito, at kalaunan ay nakipagkasundo sa Tsina sa pamamagitan ng Kasunduan ng *Shimonoseki*. Ngunit nanghimasok ang tatlong bansang Rusiya, Pransiya at Alemanya.

3. Ang Digmaan ng *Nichiro* (Hapon at Rusiya) ay pag-aaway ng dalawang bansang Hapon at Rusiya, na umabot sa Manchuria at Korea. Nangyari ang digmaan sa dakong hilagang-silangang bahagi ng Tsina. Pinirmahan nila ang Kasunduan ng Portsmouth sa tulong ng Estados Unidos.
4. Noong 1910, sinakop ng bansang Hapon ang Korea *(Kankoku heigo)*. Noong 1911, naganap ang Rebolusyon ng Xinhai (*Shingai*) sa Tsina, at noong 1912, itinatag ang Republika ng Tsina.

5. Sa industriya, nagsimulang lumago at lumaki ang mga maliliit na industriya at naitayo ang Pagawaan ng bakal ng *Yahata* noong 1901.

## (13) Panahon ng *Taisho* (1912〜1926)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **1914** | **Sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig** | ＝Kulturang Panahon ng *Taisho*＝<br><br>Panitikan<br>Nagkaroon ng panitikan ng Shirakaba at Proletaria.<br>[*Musyanokoji Saneatsu*] "*Sono imoto*", "*Yujyo*"<br>[*Shiga Naoya*] "*Anya koro*"<br>[*Kobayashi Takiji*] "*Kanikosen*"<br>[*Akutagawa Ryunosuke*] "*Rasyomon*", "*Hana*"<br>[*Kawabata Yasunari*] "*Izu no odoriko*","*Yukiguni*" |
| **1915** | Nagpahayag ng dalawampu't isang kahilingan sa Tsina. | |
| **1918** | **Naganap ang Kaguluhan sa Bigas.**<br>Si *Hara Takashi* ay nag-organisa ng partidong gabinete. |    <br>      |
| **1919** | Pinirmahan ang Kasunduan ng Versailles. | |
| 1920 | Itinatag ang Liga ng mga Bansa | |
| 1923 | Naganap ang mapangwasak na lindol sa Lungsod ng *Kanto.*<br> | Nagsimula ang Brodkast sa Radyo.（1925）<br><br>Naging sikat ang mga Diyaryo, Magasin, Pangkalahatang Uri ng Magasin, *Toki* (Pelikulang may tunog) at ponograpo. |
| **1925** | **Itinatag ang Batas sa Pangkalahatang Eleksyon.**<br>**Itinatag ang Batas sa Pagpapanatili ng Kaayusan sa Publiko.** |  |

## Unang Digmaang Pandaigdig

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay nangyari para makuha ang ibang colony o bansang sinakop sa pamamagitan ng kapangyarihan ng militar. Nakibahagi dito ang magka-alyadong Alemanya, Austria at Turkey laban sa alyansa ng Rusiya, Britanya at Pransya. Nakibahagi din ang bansang Hapon sa digmaang ito dahil kaalyado nito ang Britanya. Sinakop ng bansang Hapon ang Tsingtao sa Shandong Peninsula sa Tsina, na teritoryo ng Alemanya.

## Dalawampu't Isang Kahilingan

Hiningi ng bansang Hapon sa Tsina ang karapatan at kita mula sa Shandong Peninsula na hawak ng Alemanya, at karagdagang karapatan ng paggamit ng South Manchuria Railway. Sa huli, napilit ng bansang Hapon ang Tsina na ibigay ang nasabing mga kahilingan.

## Kaguluhan sa Bigas

Dahil sa pagbili ng mga tao ng bigas bunsod ng nakatakdang pagpapadala ng mga tropa sa Siberia, tumaas ang presyo nito. Kaya't nagsipuntahan sa mga tindahan ang mga asawa ng mga mangingisda sa lalawigan ng *Toyama* at hiniling na ibenta sa murang halaga ang mga bigas. Kumalat ang pagkilos na ito sa mga balita sa diyaryo sa buong bansa.

## Partidong Gabinete

Ito ay isang Gabinete na inorganisa ng karamihan sa mga miyembro ng partido. Pagkatapos ng Kaguluhan sa Bigas, si *Hara Takashi* na miyembro ng partidong "*Rikken Seiyu-kai*" (Friends of Constitutional Government o Kaibigan ng Konstitusyonal na Pamahalaan) ay naging Punong Ministro, at binuo ang bago at totoong Partidong Gabinete.

## Kasunduan ng Versailles

Ito ang Kasunduan ng Kapayapaan ng Unang Digmaang Pandaigdig na pinirmahan sa Paris sa Pransya. Nangangahulugan ito na tapos na ang digmaan at kailangang tiyakin ang hangganan ng mga teritoryo, mga pagsasaayos, at iba pa, upang manaig ang kapayapaan. Sa ilalim ng kasunduang ito, pinilit ng Britanya at Pransya ang bansang Aleman na bayaran ang malaking pinsala at magbawas ng armas.

## Liga ng mga Bansa

Ito ang kauna-unahang organisasyon sa buong mundo na may layuning itaguyod ang pandaigdig na kapayapaan at pakikipagtulungan, batay sa naranasang Unang Digmaang Pandaigdig.

## Mapangwasak na Lindol sa Lungsod ng *Kanto*

Ito ay isang lindol na nangyari sa *Sagami* Bay sa *Kanagawa* prefecture noong ika-1 ng Setyembre, 1923. Umabot sa 250,000 ang mga nasirang bahay, at 450,000 naman ang mga nasunog. Ang bilang ng mga patay at nawawala ay umabot sa 140,000. Sa lahat ng mga sakunang nangyari sa bansang Hapon, ito ang may pinakamalaking pinsala.

## Batas sa Pangkalahatang Eleksyon

Sa pamamagitan ng batas na ito, ang karapatang bumoto ay ibinigay sa mga kalalakihang may edad 25 taong gulang o pataas. Hindi saklaw ang mga kababaihan.

## Batas sa Pagpapanatili ng Kaayusan sa Publiko

Ito ang batas na naglabas ng kautusan para bantayan ang mga tutol sa sistema ng pribadong pag-aari at sistema ng emperador. Sa pamamagitan ng batas na ito, naging mahigpit ang pagbabantay sa komunismo at sosyalismo.

## Buod

**Unang Digmaang Pandaigdig at Bansang Hapon**

1. Naglabanan ang dalawang grupong Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa, at Mga Kaalyadong Bansa sa Unang Digmaang Pandaigdig. Sumiklab ang naturang digmaan dahil sa nangyari sa Sarajevo.

2. Naging bahagi ang bansang Hapon sa digmaang ito dahil kaalyado nito ang Britanya. Pagkatapos ng digmaang ito, nagpaabot ang bansang Hapon ng dalawampu't isang kahilingan sa Tsina. Lumakas ang kalakal na iniluluwas (exports) matapos ang digmaan, at nagsimulang umunlad ang ekonomiya ng bansang Hapon.

3. Napirmahan ang Kasunduan ng Versailles. Bilang talunan, napilitan ang bansang Aleman na mangakong magbabawas ito ng armas at magbabayad ito ng malaki para sa mga napinsala ng digmaan.

4. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, itinatag ang Liga ng mga Bansa na isinulong ni Pangulong Woodrow ng Estados Unidos. Ngunit, hindi nakisama dito ang Estados Unidos. Dahil dito at sa iba pang dahilan, hindi naging ganap na maimpluwensya ang Liga ng mga Bansa.

**Demokrasya ng *Taisho***

1. Ang Demokrasya ng *Taisho* ay isang napapanahong uri ng liberalismo at demokrasya sa panahon ng *Taisho*.

2. Isinulong ni *Yoshino Sakuzo* ang *Mimpon-shugi* kung saan makikita at mararamdaman sa gobiyerno ang opinyon ng publiko sa pamamagitan ng halalan.

3. Naging Punong Ministro si *Hara Takashi* na sikat sa mga mamamayan, at naitatag ang partidong gabinete.

4. Sabay na ginawa ang Batas ng Pagpapanatili ng Kaayusan sa Publiko upang kitilin ang komunismo at sosyalismo, at tinanggap ang Batas sa Pangkalahatang Eleksyon.


**Kulturang *Taisho***

1. Urbanisasyon: Dahil nagkaroon na ng gas, tubig at kuryente, naging uso ang Kanluraning pamumuhay sa mga lungsod.

2. Paglitaw ng makabagong kultura (Pop Culture)...Nagkaroon ng mahigit isang milyong kopya ng diyaryo, mga magasin at pankalahatang uri ng magasin. Naging sikat rin ang *To-ki* (talking picture o pelikulang may tunog) at ponograpo. Noong 1925, nagsimula ang pagbo-brodkast sa radyo.

## (14) Panahon ng *Showa* (1926〜1989)

*Legend…**Ang itim at makapal na sulat** ay mahalagang panahon. **<u>Ang pula at makapal na sulat na may salungguhit</u>** ay mas mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| **<u>1929</u>** | **<u>Nangyari ang Matinding Krisis Pandaigdigan.</u>** | |
| **1931** | **Nangyari ang insidente ng Mukden.** | |
| 1932 | Nangyari ang insidente ng Ika-15 ng Mayo. | |
| 1933 | Tumiwalag sa Liga ng mga Bansa.<br>Nagsimula ang polisiyang pang-ekonomiya na tinawag na New Deal sa Estados Unidos. | |
| **1936** | **Nangyari ang insidente ng ika-26 ng Pebrero.** | |
| **1937** | **Nag-umpisa ang Digmaan ng *Nicchu* (bansang Hapon at Tsina)** | |
| 1938 | Ipinasa ang Pambansang Batas ng Pagpapakilos. | |
| **<u>1939</u>** | **<u>Nag-umpisa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.</u>** | |
| 1940 | Binuo ang Makapangyarihang Bansang Axis ng Hapon-Alemanya-Italya. | |
| **1941** | Nagkaroon ng Kasunduang Neutral sa pagitan ng Bansang Hapon at Unyong Sobyet.<br>**Nag-umpisa ang Digmaang Pasipiko.** | |
| 1945 | Pinasabog ang Bombang Atomic sa Lungsod ng *Nagasaki* at *Hiroshima.*<br>Natanggap ang Deklarasyong Potsdam at sumuko sa Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa.<br>Itinatag ang Mga Nagkakaisang Bansa (United Nations). | |
| **<u>1946</u>** | **<u>Pinalaganap ang Saligang-Batas ng bansang Hapon.</u>** | |
| **1950** | **Nag-umpisa ang Digmaang Koreano.** | |
| **<u>1951</u>** | **<u>Pumirma sa Kasunduang Pangkapayapaan (Peace Treaty) sa San Francisco.</u>**<br>Itinatag ang Kasunduang Pagtutulungan at Pangseguridad ng mga bansang Hapon at Estados Unidos. | Nagsimula ang pagsasahimpapawid ng telebisyon. (1953)  |
| 1956 | Pinanumbalik ang Diplomatikong Relasyon sa Unyong Sobyet.<br>Nakilahok sa Mga Nagkakaisang Bansa. | |
| 1964 | Naganap ang Palarong Olympics sa *Tokyo.* | ＝Palarong Olympics＝<br>*Tokyo* Game (1964) [*Tokyo* Olympics]<br>(Kaunang-unahang Olympics sa Asya)<br>*Sapporo* Winter Game (1972)<br>[*Sapporo* Olympics] |
| 1965 | Itinatag ang Kasunduan Para sa Panimulang Ugnayan ng mga bansang Hapon at Korea | |

| | | |
|---|---|---|
| 1970 | Naganap ang Pandaigdigang Pagtatanghal ng Bansang Hapon sa *Osaka*. | ＝Pandaigdigang Pagtatanghal＝<br>Pandaigdigang Pagtatanghal ng Bansang Hapon (*Osaka*) (1970)<br>(Kaunang-unahang Pandaigdigang Pagtatanghal sa Asya)<br>Pang-Internasyonal na Karagatang Pagtatanghal (*Okinawa*) (1975)<br>Pandaigdigang Pagtatanghal sa Agham at Teknolohiya (*Tsukuba*) (1985) |
| 1972 | Ibinalik ang *Okinawa* sa bansang Hapon.<br>Nanumbalik sa normal ang diplomatikong pakikipag-ugnayan ng bansang Hapon sa Tsina. (Pinagsamang Pahayag ng Bansang Hapon at Tsina) | |
| 1973 | Naganap ang (Unang) Matinding Krisis sa Langis. | |
| 1978 | Tinatag ang Kasunduang Pangkapayapaan at Pagkakaibigan ng mga bansang Hapon at Tsina. | |
| 1979 | Naganap ang Pagpupulong ng mga Mauunlad na Bansa (Summit) sa *Tokyo*. | ＝Pagpupulong ng mga Mauunlad na Bansa sa Bansang Hapon＝<br>1979 sa *Tokyo*<br>1986 sa *Tokyo* |

Mga Pangyayaring Importante

| ＝Pagkakaroon ng Home Appliances (Mga Kagamitang Pambahay)＝ | |
|---|---|
| Sa 1960's Tatlong Banal na Yaman<br>(Black & White na telebisyon, repridyeretor, makinang panlaba)<br>Sa 1970's 3 C<br>(**C**olored na telebisyon, **C**ar, Air **C**onditioner) | Tatlong Banal na Yaman<br> |

| ＝Pag-unlad ng Network ng Transportasyon＝ | | |
|---|---|---|
| 1964 *Tokaido Shinkansen*<br>1975 *Sanyo Shinkansen*<br>1982 *Tohoku, Joetsu Shinkansen*<br>1988 *Seikan* Tunnel, *Seto Ohashi* | *Shinkansen*<br> | *Seto Ohashi*<br>(Tulay ng *Seto*)<br> |

| ＝MgaPagkilala Mula Sa Gantimpalang Nobel= | |
|---|---|
| 1949 *Yukawa Hideki* (Pisika)<br>1965 *Tomonaga Shinichiro* (Pisika)<br>1968 *Kawabata Yasunari* (Panitikan)<br>1973 *Ezaki Reona* (Pisika)<br>1974 *Sato Eisaku* (Kapayapaan)<br>1981 *Fukui Kenichi* (Kimika)<br>1987 *Tonegawa Susumu*<br>(Panggagamot at Pisyolohiya) | Pahimakas ni Nobel<br> |

## Matinding Krisis Pandaigdigan

Noong 1929, dahil bumaba nang husto ang halaga ng sapi o stocks sa Estados Unidos, bumagsak ang mga bangko at pabrika, at dumami ang mga walang-trabaho sa lipunan. Tinawag itong "Matinding Krisis Pandaigdigan" dahil ang naturang kalagayan ay kumalat sa buong mundo mula sa Estados Unidos.

## Pangyayari sa Mukden (Manchurian Incident)

Upang makakuha ng mga karapatan at pribilehiyo sa Manchuria, sinubukan ng mga hukbong Hapones na paghiwalayin ang Tsina at Manchuria. Pinasabog nila ang riles ng Timog Manchuria at isinisi ito sa mga Tsino, na naging daan para lusubin ng mga Hapones ang Tsina.

## Insidente ng Ika-15 ng Mayo

Noong 1932, pinatay nang pataksil ng isang opisyal na kabilang sa hukbong-dagat (navy) si Punong Ministro *Inukai Tsuyoshi* dahil sa pagkayamot nila sa sistema ng partido ng pamahalaan. Dahil dito, nagtapos ang partido ng pamahalaan.

## Pagtiwalag sa Liga ng mga Bansa

Noong 1933, hindi tinanggap ng Liga ng mga Bansa ang pagtatag ng bansang Manchukuo, at hiniling sa Bansang Hapon na pauwiin na ang mga sundalong Hapones. Pero hindi sumang-ayon ang Bansang Hapon sa payong ito kaya't tumiwalag ito sa Liga ng mga Bansa.

## Programa ng Panibagong Kasunduan (New Deal)

Ginawa ni Pangulong Roosevelt ng Estados Unidos ang pagpapanukala upang manumbalik ang ekonomiya. Binigyan ng gobiyerno ng trabaho ang mga walang trabaho sa pamamagitan ng mga proyektong pampubliko (tulad ng paggawa ng mga dam), at nakabawi ang ekonomiya.

## Insidente ng Ika-26 ng Pebrero

Noong 1936, sinalakay ng isang opisyal ng Army ang isang pulitiko at sinakop ang sentro ng *Tokyo* tulad ng opisyal na tirahan ng Punong Ministro, ang gusali ng Diet (o Parliamento), at iba pa. Bagama't nabigo ang pagtatangkang ito, lumakas naman ang impluwensya ng militar ng bansang Hapon sa larangan ng pulitika.

## Digmaan ng *Nicchu* (bansang Hapon at Tsina)

Pumasok ang hukbong Hapones sa kontinente kaya hindi nakakapagtakang magdulot ito ng digmaan laban sa hukbong Tsino. Noong 1937, nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga hukbong Hapones at Tsino sa tulay ng Marco Polo (*Rokokyo*) malapit sa Peking, at dito na nagsimula ang digmaan.

## Pambansang Batas ng Pagpapakilos

Ito ang napagpasyahang batas na nag-udyok sa lahat ng tao na magtulungan sa panahon ng digmaan. Dahil dito, lahat ng bagay at pati mga tao sa bansang Hapon ay napakinabangan alang-alang sa digmaan.

## Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Nagsimula ang digmaang ito pagkatapos ng pag-atake sa Poland ng bansang Alemanya sa pamumuno ni Hitler noong 1939. Ang digmaan ay sa pagitan ng mga Makapangyarihang Bansang Magka-alyado (Allied Powers), tulad ng Britanya, Pransya, Estados Unidos, Tsina, at Rusya, at ng mga Axis Powers, tulad ng Alemanya, Italya at Hapon.

## Makapangyarihang Bansang Axis ng Hapon-Alemanya-Italya

Lumagda at nakipagsundo ang Bansang Hapon para sa isang alyansa sa mga bansang Alemanya at Italya upang labanan ang Estados Unidos at Britanya sa pananalungat ng mga ito sa patakaran ng pagsakop sa Katimugan.

## Kasunduang Neutral sa pagitan ng bansang Hapon at Unyong Sobyet

Upang hindi lusubin ng mga mula sa Norte, ipinangako ng bansang Hapon na hindi ito magiging kapanig o kalaban ng Unyong Sobyet.

## Digmaang Pasipiko

Nagsimula ang digmaang ito pagkatapos umatake ng bansang Hapon sa Pearl Harbor sa Hawaii noong 1945 dahil sa parusang ipinataw ng Estados Unidos sa mga ginawang pananakop ng bansang Hapon.

## Pagkakaiba ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at Digmaang Pasipiko

Ikalawang Digmaang Pandaigdig…
Ang digmaan ay naganap sa pagitan ng mga Axis Powers na kinabibilangan ng mga bansang Hapon, Alemanya at Italya, at ng Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa (Allied Powers) na binubuo ng Estados Unidos, Britanya at Rusya. Nangyari ito sa iba't ibang lugar sa mundo mula 1939 hanggang 1945.

Digmaang Pasipiko…
Ang digmaan ay naganap sa sentro ng Pasipiko sa pagitan ng Bansang Hapon at ng Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa na binuo ng Estados Unidos at Britanya, habang nangyayari rin ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinawag ito ng mga Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa na "Digmaang Pasipiko," pero para sa mga Hapon, ito ang "Digmaan ng Kalakhang Silangang Asya (Greater East Asia War)".

## Deklarasyon ng Potsdam

Ito ang deklarasyong inilabas noong 1945 sa ngalan ng Estados Unidos, Tsina at Britanya. Hiniling nito sa Bansang Hapon ang walang pasubaling pagsuko (pagtanggap ng pagkatalo sa digmaan, nang walang anumang kondisyon). Sa sumunod na araw, inihayag kaagad ng emperador sa radyo na tapos na ang digmaan.

## Mga Nagkakaisang Bansa (United Nations)

Ito ang organisasyong pandaigdig na nagsisilbi para sa kapayapaan ng mga bansa matapos pagsisihan ang pagkakaroon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945. Pinayagang maging miyembro ang Bansang Hapon pagkatapos ng panunumbalik ng diplomatikong relasyon nito sa Unyong Sobyet (Magkasanib na Pahayag o Joint Declaration ng Bansang Hapon at Unyong Sobyet, 1956).

## Saligang-Batas ng Bansang Hapon

Ipinahayag ito sa mga mamamayan bilang batas na binago ng Konstitusyon ng Imperyo ng Bansang Hapon pagkatapos talakayin at pag-aralan ang balangkas na ginawa ni Mc Arthur. Paulit-ulit muna itong binago. Ang tatlong pangunahing prinsipyo ng Saligang Batay ay ang paggalang sa dakilang kapangyarihan, pangunahing karapatang pantao at Pasipismo.

## Digmaang Koreano

Ang digmaang ito ay nagsimula pagkatapos sinalakay ng Hilagang Korea ang Timog Korea noong 1950. Noong 1953, nagkaroon ng pangako ng pagtigil ng labanan ngunit wala pa silang kasunduang Pangkapayapaan.

## Kasunduang Pangkapayapaan sa San Francisco

Ang kasunduang ito sa pagitan ng bansang Hapon at ilang miyembro ng mga Magkaalyadong Makapangyarihang Bansa ay nilagdaan ng 48 bansa sa San Francisco sa Estados Unidos noong 1951. Dahil dito, nabawi ng bansang Hapon ang kalayaan nito isang taon ang makalipas. Gayunpaman, nanatiling nasa ilalim ng pamamahala ng Estados Unidos ang *Okinawa* at mga isla ng *Ogasawara*. Ibinalik sa bansang Hapon ang mga isla ng *Ogasawara* noong 1968, at ang *Okinawa* naman ay ibinalik noong 1972.

## Kasunduang Pangseguridad ng Bansang Hapon at Estados Unidos

Kasabay ng Kasunduang Pangkapayapaan sa San Francisco, nilagdaan din ng mga bansang Hapon at Estados Unidos ang Kasunduang Pangseguridad. Nakasaad dito na ipagtatanggol ng Estados Unidos ang bansang Hapon kung sasakupin ito ng ibang bansa. Kapalit ng proteksyong ito, pumayag ang bansang Hapon na magbigay ng mga baseng pang-militar at magpanatili ng garrison ng hukbo ng Estados Unidos.

## Panunumbalik ng Diplomatikong Relasyon ng Unyong Sobyet, Korea at Tsina

Ang panunumbalik ng Diplomatikong Relasyon ay ang pagkakaroon ulit ng mahusay na pakikitungo o diplomatikong ugnayan sa pagitan ng mga naturang bansa.

| Kasosyong Bansa | Taon | Mga Kaganapan | Iba Pang Detalye |
|---|---|---|---|
| Union of Soviet Socialist Republics (Unyong Sobyet) | 1956 | Magkasanib na Pahayag ng Hapon at Unyong Sobyet | Nananatili pa ang agawan sa mga teritoryo sa hilaga (northern territories dispute) at wala pang Kasunduang Pangkapayapaan. Dapat talakayin pa ito ng bansang Rusya. |
| Republika ng Korea (Timog Korea) | 1965 | Kasunduan Para sa Pangunahing Ugnayan ng Bansang Hapon at Republika ng Korea | Hanggang sa panahong ito, wala pang diplomatikong relasyon sa Democratic People's Republic of Korea (Hilagang Korea). |
| Republika ng Tsina (Tsina) | 1972<br>1978 | Magkasanib na Pahayag ng Hapon at Tsina<br>Kasunduang Pagkakaibigan at Kapayapaan ng Hapon at Tsina | Ipinagbigay-alam sa Republika ng Tsina (Taiwan) na naputol ang diplomatikong relasyon.<br>Nagkaroon ng kanais-nais na palitang relasyon sa Taiwan. |

## Palarong Olympics sa *Tokyo* (1964) at Pandaigdigang Pagtatanghal sa *Osaka* (1970)

Pagkatapos ng digmaan, nagsimulang bumangon ang ekonomiya ng bansang Hapon mula sa pinakamababang antas. Ginanap ang Palarong Olympics sa *Tokyo* na kauna-unahan sa Asya noong 1964 kung kailan maunlad na rin ang bansa. Sa nasabing taon, binuksan ang *Tokaido Shinkansen* (bullet train). Noong 1970, ang Pandaigdigang Pagtatanghal ay ginanap sa *Osaka*.

## Matinding Krisis sa Langis

Nagkagulo ang ekonomiya noong 1973 dahil, bunsod ng ika-apat na digmaan sa Gitnang Silangan (Middle East war o Arab-Israeli conflict), itinaas ng OPEC (Organization of the Petroleum Exporting Countries o Organisasyon ng mga Bansang Nagpapa-angkat ng Langis) ang presyo ng krudo sa mga bansang tumulong sa Israel. (Unang Matinding Krisis sa Langis ). Partikular na tumaas nang apat na beses ang presyo ng krudo sa bansang Hapon. Kumalat ang bulung-bulungang "mauubos ang toilet paper" na ikina-alarma ng mga Hapones, kaya't pumila ang mga ito nang pagkahaba-haba sa mga tindahan para lamang makabili.

Pagpupulong ng mga Mauunlad na Bansa (Summit)

Tinalakay sa pagpupulong ng mga kinatawan ng walong nangungunang bansa ang isyung pang-ekonomiya at kalakal. Noong 1975, ginanap ang ika-limang pagpupulong sa bansang Hapon at nasundan pa nang apat na beses (ayon sa tala hanggang 2012). Nang napabilang ang bansang Rusya noong 1998, tinawag na itong "Ang Pangkat ng Walo, o Group of Eight, o G8."

## Buod

### Koneksyon sa Pagitan ng Bansang Hapon at Ikalawang Digmaang Pandaigdig

1. Ang biglaang pagbagsak nang husto ng halaga ng sapi o stocks sa Estados Unidos ay nagdulot ng Matinding Krisis Pandaigdigan at nagdulot ng malaking gulong pang-ekonomiya sa mundo. Ipinatupad ang Programa ng Bagong Kasunduan (New Deal) sa Estados Unidos.

2. Ang mga militar ng Hapones ay nagpasimuno sa tinawag na Insidente sa Mukden at itinayo ang bansang Manchukuo. Inakusahan ang Bansang Hapon sa Insidente sa Mukden. Dahil dito, ito ay tumiwalag sa Liga ng mga Bansa.

3. Pagkatapos ng pangyayari ng Insidente ng Ika-15 ng Mayo at Insidente ng ika-26 ng Pebrero, nagkaroon ng kapangyarihang pampulitika ang mga militar ng bansang Hapon.

4. Naganap ang Digmaang *Nicchu* (bansang Hapon at Tsina). Ipinasa ang Pambansang Batas ng Pagpapakilos upang makapaghanda ang mga mamamayan sa digmaan.

5. Dahil sa pag-atake ng Alemanya sa Poland, nagsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Lumagda ng pakikipag-alyansa ang bansang Hapon sa mga bansang Alemanya at Italya, at sumali rin sa digmaan.

6. Dahil sa pag-atake ng bansang Hapon sa Pearl Harbor sa Hawaii, naganap ang Digmaang Pasipiko. Nagtapos ito sa pagbagsak ng bomba atomika sa siyudad ng *Hiroshima* at *Nagasaki* kaya't tinanggap ng bansang Hapon ang Deklarasyon ng Potsdam, at inamin ang pagkatalo sa digmaan.

### Pagsuko ng Bansang Hapon at Reporma Pagkatapos ng Digmaan

1. Pagkatapos matalo ng bansang Hapon sa digmaan, ipinatupad ang maraming reporma na may suporta ng mga kaalyado nitong bansang.

2. Nagpasa ng patakaran sa pagtatrabaho (policy of occupation) ang GHQ (General Headquarters) o Punong Himpilan ng Magka-alyadong Makapangyarihang Bansa. Punong Kumander si Mc Arthur.

3. Ipinag-utos ng GHQ ang pagbuwag sa *Zaibatsu* dahil sa impluwensya nito at pagkakaroon ng ambag sa digmaan bunsod ng pagkontrol nito sa ekonomiya ng bansang Hapon. Tinawag itong "*Zaibatsu Kaitai*" (Pagbuwag sa Kalipunan ng mga Industriya at Negosyong Pampinansyal).

4. Bumili ang gobiyerno ng mga lupa sa murang presyo mula sa mga may-ari ng lupain. Ibinenta naman ito sa murang presyo sa mga magsasaka na walang sariling lupa. Ito ang Reporma sa Lupa.

5. Isinagawa ang pagbabago ng batas tungkol sa halalan. Dahil dito, binigyan ng karapatang lumahok sa halalan ang lahat ng mga lalaki at babae na may edad 20 taong gulang o pataas.

6. Ang Saligang Batas ay itinatag. (1) Dakilang Kapangyarihan, (2) Pangunahing Karapatang Pantao, at (3) Pasipismo ang tatlong pangunahing prinsipyo nito.

**Ang labanan sa Pagitan ng Estados Unidos at Rusya, Ang Kalayaan ng Bansang Hapon, Pagtatag ng Bansang Tsina**

1. Nanguna ang mga bansang nanalo sa Digmaan sa pagtatag ng Mga Nagkakaisang Bansa (United Nations).

2. Hindi nagkasundo ang mga kapitalista na pinangunahan ng Estados Unidos, at ang mga komunista o sosyalistang pinamunuan ng Unyong Sobyet sa usaping ekonomiya at militar. Tinawag itong "Cold War" o Tahimik na Digmaan dahil hindi naman ito umabot sa isang ganap na labanan. Ang mga halimbawa nito ay ang Digmaang Koreano at Digmaan sa Vietnam. Naging simbolo rin sa paghahati ng Silangan at Kanluran ng Bansang Alemanya ang "Pader ng Berlin".

3. Noong 1949, itinatag ang Republika ng Tsina. Si Mao Tse-Tung ang nagtatag ng bagong bansa.

4. Noong 1951, pumirma ang bansang Hapon sa Kasunduang Pangkapayapaan sa San Francisco at nabawi ang kalayaan nito. Kasabay nito, nilagdaan ang Kasunduang Pangseguridad ng Bansang Hapon at Estados Unidos. Noong 1956, nanumbalik ang diplomatikong relasyon sa Unyong Sobyet (Pinagsanib na Deklarasyon ng Bansang Hapon at Unyong Sobyet), at naging kasapi ang bansang Hapon sa Mga Nagkakaisang Bansa.

**Mga Kasunod na Pangyayari sa Bansang Hapon at ng Daigdig**

1. Ekonomiya
◇Mula sa huling bahagi ng 1950's hanggang sa unang bahagi ng 1970's, napabuti ang buhay ng mga mamamayan dahil sa pag-unlad ng ekonomiya. Tuluyang naging makapangyarihan sa buong mundo sa larangan ng ekonomiya ang bansang Hapon. Ginanap ang Palarong Olympics sa *Tokyo* noong 1964, at naganap naman ang Pagtatanghal sa *Osaka* noong 1970. Dagdag pa rito ay ang pagbukas ng *Tokaido Shinkansen* (Bullet Train) kasunod ng Palarong Olympics sa *Tokyo*.
◇Noong 1973, dahil sa digmaan sa Gitnang Silangan, nagkaroon ng Krisis sa Langis at naapektuhan ang pag-unlad ng ekonomiya ng bansang Hapon.

2. Diplomasya
◇Magkakasunod ang pagtatag ng mga diplomatikong relasyon sa Unyong Sobyet (1956, Pinagsanib na Deklarasyon ng Bansang Hapon at Unyong Sobyet); sa Korea (1965, Pangunahing Kasunduan sa Pagitan ng Bansang Hapon at Korea); at sa Tsina (1972, Pinagsamang Pahayag ng Bansang Hapon at Tsina; at 1978, Pangkapayapaan at Pagkakaibigang Kasunduan ng Bansang Hapon at Tsina).
◇Isinauli ang mga isla ng *Ogasawara* sa bansang Hapon noong 1968 at ang *Okinawa* naman noong 1972.

## (15) Panahon ng *Heisei* (1989～)

***Legend**…Ang **kulay itim at makapal** na sulat ay mahalagang panahon.

| Taon at Siglo | Pulitika at Ekonomiya | Kultura, Pamumuhay at Sanggunian |
|---|---|---|
| 1989 | Pinalawak ang Buwis sa mga Bilihin. | |
| Bandang huli ng 1980's | Nangyari ang saklaw ng "Economic Bubble" (Hindi Matatag na Paglobo ng Ekonomiya). | Pagtatanghal ng kahalamanan (Garden and greenery exposition) sa *Osaka*, 1990. |
| 1991 | Natapos ang "Economic Bubble" (Hindi Matatag na Paglobo ng Ekonomiya).<br>**Bumagsak ang Unyong Sobyet.** | |
| 1992 | Itinatag ang Batas ng Damayang PKO (PKO Cooperation Law). | |
| 1993 | Itinatag ang EU (European Union). | |
| | | Nangyari ang malaking lindol sa *Hanshin* at *Awaji* (1995).<br> |
| | | Palarong Olympics sa *Nagano* (1998) |
| 2001 | Nangyari ang Pag-atake ng mga Terorista sa Estados Unidos (noong ika-11 ng Setyembre). | Nagbukas ang Tulay ng *Akashi Kaikyo* (1998)<br> |
| 2002 | Naganap ang pagpupulong o Summit ng Bansang Hapon at Hilagang Korea. | Punong Abala sa FIFA World Cup, football (Kasamahan ng Bansang Korea bilang Punong Abala) (2002) |
| 2003 | Naganap ang Digmaan sa Iraq. | |
| 2004 | Pinadala ang Japan Ground Self-Defense Force o mga sundalong Hapon sa Iraq. | Pandaigdigang Pagtatanghal Sa *Aichi* (2005) |
| | | Nangyari ang malaking lindol sa Silangang Hapon (2011). |

Mga Pangyayaring Importante

| ＝Ang Pangkat ng Walo o Group of Eight, G8 sa Bansang Hapon=<br>(mula sa panahong ng *Heisei*) |
|---|
| 1993, *Tokyo*<br>(Naganap ito "bilang Pagpupulong o Summit Conference ng mga Mauunlad na Bansa")<br>2000, *Kyusyu* at *Okinawa*<br>2008, *Hokkaido* |
| ＝Mga Tagugumpay ng Gantimpalang Nobel =<br>(mula sa panahong ng *Heisei*) |
| 1994 *Oe Kenzaburo* (Panitikan)<br>2000 *Shirakawa Hideki* (Kimika)<br>2001 *Noyori Ryoji* (Kimika)<br>2002 *Koshiba Masatoshi* (Pisika), *Tanaka Koichi* (Kimika)<br>2008 *Kobayashi Makoto* (Pisika), *Masukawa Toshihide* (Pisika),<br>*Shimomura Osamu* (Kimika)<br>2010 *Suzuki Akira* (Kimika), *Negishi Eiichi* (Kimika) |

## Pagpapalawak ng Buwis sa mga Bilihin

Mula noong panahon ng *Showa* hanggang noong 1989 na panahon ng *Heisei*, pinalawak na ang buwis sa mga bilihin. Upang mapunan ang kakulangan sa nakokolektang buwis, pinatawan ng buwis ang iba't ibang serbisyo at kalakal. Nagsimula ang singil sa tatlong porsiyento (3%). Ngunit, noong 1997, ito ay tinaasan at naging limang porsiyento (5%).

## Hindi Matatag na Paglobo ng Ekonomiya

Ito ang estado ng ekonomiya kung kalian mabilis na tumaas ang halaga ng sapi (stocks) at lupa simula noong huling bahagi ng dekada 80 o 1980s, hanggang sa unang bahagi ng 1990s. Ginamit ang salitang "bubble" o bula bilang paglarawan sa mas mataas kaysa sa normal na halaga ng lupa at mga pag-aari bunsod lamang ng spekulasyon. Ang salitang "bubble" ay angkop sa isang imaheng biglaang lumalaki, na walang kalaman-laman, at mabilis na pumuputok.

## Pagbagsak ng Unyong Sobyet

Noong dekada 80 o 1980s, nagsisulputan sa Silangang Europa ang mga bagong pamahalaang nagnanais ng demokrasya. Noong mga panahong iyon, malakas ang impluwensya ng Unyong Sobyet. Sinubukang itayo muli ng Unyong Sobyet ang pulitika at ekonomiya, pero naging independente ang bawat republika tulad ng Russian Federation.

## Batas ng Damayang PKO

Ang opisyal na tawag ay "batas ukol sa mga kontribusyon para sa Operasyon ng mga Nagkakaisang Bansa Para sa Pagpapanatili ng Kapayapaan." Tinatawag rin itong "batas ukol sa mga kontribusyon para sa pandaigdigang kapayapaan."

Ang PKO ay ang Peacekeeping Operations ng United Nations o ang Operasyon ng Mga Nagkakaisang Bansa para sa Pagpapanatili ng Kapayapaan. Sa ilalim ng batas na ito, pinahihintulutan ang pagpapadala ng SDF (Self-Defense Forces o Pwersa Para sa Pagtatanggol sa Sarili) sa ibang bansa. May mga nagsasabing hindi tama ang pagpapadala ng SDF sa ibang bansa dahil ang misyon nito ay para lamang sa pagtatanggol ng sariling bansa. Ngunit, ipinakita ng pamahalaan na ang konseptong ito ay para sa pansariling proteksyon lamang talaga, at hindi para palakasin ang militar. Sa naturang taon (1992), ang Self-Defense Forces ay ipinadala sa bansang Cambodia sa unang pagkakataon.  Simula rin noon, ang SDF ay pinadala rin sa Iraq bilang suporta.

## Pagtatag ng Unyong Europeo

Nagtatag ang mga taga-Europa ng pang-ekonomiyang sona na kinabibilangan ng 15 bansa upang makipagkumpetensya sa bansang Hapon o Amerika. Base sa pinakahuling tala noong 2011, ang miyembro ng Estado ay nasa 27 na mga bansa.

## Lindol sa *Hanshin-Awaji*

Noong ika-17 ng Enero 1995, sa ganap na 5:46 ng umaga, nagkaroon ng lindol na may lakas 7.3 magnitude. Ang sentro nito ay sa isla ng Hilagang *Awaji*. May 6,434 kataong nakilala na namatay, tatlo (3) ang nawawala, habang may 43,792 naman ang mga nakilalang sugatan sa kalamidad na ito. Tinatayang may 105,000 na mga kabahayan at gusali ang nawasak, habang umabot naman sa 144,000 ang mga gusaling bahagyang nawasak sa pagka-uga.

## Pag-atake ng mga Terorista sa Estados Unidos

Noong ika-11 ng Setyembre 2001, apat na pampasaherong eroplano ang kinontrol ng mga terorista. Dalawa rito ay pinuntirya ang gusali ng World Trade Center sa New York, ang isa ay ibinagsak sa Kagawaran ng Depensa (Pentagon), at ang natitirang isa ay ibinangga. Tinawag ang insidenteng ito na “9/11” dahil sa petsa ng pangyayari. Marami ang naging biktima sa trahedyang ito.

## Pagpupulong ng Bansang Hapon at Hilagang Korea

Dalawang beses na nagpulong ang mga lider ng bansang Hapon at Hilagang Korea (sina *Koizumi Junichiro* at Kim Jong Il). Ang una ay naganap noong 2002 kung saan nilagdaan ang “Deklarasyon sa Pyongyang ng mga bansang Hapon at Hilagang Korea” (The Japan-North Korea Pyongyang Declaration). Dahil sa pagpupulong na ito, nakabalik sa bansang Hapon ang limang Hapones na dinukot sa Hilagang Korea. Naganap naman ang ikalawang pagpupulong noong 2004.

## Digmaan sa Iraq

Noong 2003, inilunsad ni Pangulong Bush ng Estados Unidos ang pag-atake sa Iraq dahil sa pagtago raw nito ng mga armas para sa mass destruction (o yung nagdudulot ng malawakang pinsala). Ngunit, walang nahanap na armas. Hinuli ang pangulo ng Iraq na si Saddam Hussein at hinatulan ng parusang kamatayan.

## Lindol sa Silangang Hapon

Nangyari ang isang lindol sa sentro ng baybaying *Sanriku* na may lakas 9.0 noong ika-11 ng Marso 2011 (*Heisei* 23), bandang alas 2:16 ng hapon. Sinundan ito ng tsunami na nag-iwan ng malaking pinsala sa rehiyon ng Tohoku at sa iba pang lugar. Lampas 19,000 ang mga namatay at nawala, at mahigit 6,000 naman ang nasugatan. Mahigit 120,000 naman ang mga gumuhong gusali, at mahigit 240,000 iba pa ang bahagyang nasira. Lumala pa ang sitwasyon nang madamay sa mga nasira ang *Fukushima Daiichi* Nuclear Power Plant kaya nagtalaga ng napakalawak na lugar kung saan ipinagbawal ang mga tao.

## Buod

1. Sa huling bahagi ng 1980's, ang bansang Hapon ay nasa mabuting kalagayan sa gitna ng hindi matatag na paglobo ng ekonomiya.

2.Dahil sa pagkakabuwag ng Unyong Sobyet, nagtapos ang "Tahimik na Digmaan" o Cold War sa buong mundo na nagsimula noon pang 1945 at kumalat rin sa mga sosyalistang bansa ang "market fundamentalism" o konsepto ng paniniwalang mareresolba ng bukas at malayang merkado ang mga problemang pang-ekonomiya at panlipunan.

◇1989: Gumuho ang tinaguriang Berlin Wall o Pader ng Berlin.
Idineklara ng lider ng Unyong Sobyet at Estados Unidos ang pagtatapos ng "Tahimik na Digmaan" o "Cold War" sa isang pagpupulong sa Malta.
Naganap ang rebolusyon sa Silangang Europa at isa-isang bumagsak ang komunistang rehimen.

◇1990: Naganap ang Digmaan sa Gitnang Silangan o Gulf War.

◇1991: Bumagsak ang Unyong Sobyet.

3. Mula noong umpisa ng 1990, nakaranas ang bansang Hapon ng resesyon na tinaguriang "lost decade" o nasayang na dekada. Ang mga bangko na sinasabing hindi kailanman babagsak ay nagsara. Nahirapang makahanap ng trabaho ang mga estudyante. At nagkaroon ng deflation o ang pagbaba sa antas ng ekonomiya. Binuo rin noong 1993 ang gabinete sa pamahalaang kontra-koalisyon ng *Jimin*, at nagtapos ang pangingibabaw ng nag-iisang partidong Liberal Demokratiko (o Liberal Democratic Party, o *Jimin* Party).

発行年月日：2012（平成24年）３月31日
作成・編集：子ども多文化共生センター・姫路獨協大学大学院言語教育研究科
日本語コース
翻訳：大塚　敬史・窪田　有莉
高橋　卓也・寺本アナリングバラネ
栗田　珠希
発行：子ども多文化共生センター
〒659-0031 芦屋市新浜町１－２　　電話 0797(35)4537
協力：姫路獨協大学外国語学部外国語学科　教授　山崎　恵　氏